


IPINALIWANAG ANG PAGKA-DIOS

 Salamat sa iyo, Kapatid na Carlson. At pagbati sa inyong lahat na mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae sa Panginoon. Ito'y isang. . . Ako kung minsan ay medyo nakararamdam ng pag-aatubili para tumayo, kapag ako'y nakikinig sa ganiyang mga kahanga-hangang patotoo, at iba pa, na gaya ng ginagawa ko ngayong umaga. At, noon, isang kapuwa mamamayan sa pagtitiis at pag-uusig, gaya ng dinanas ng ating kapatid na lalaki at kapatid na babae na Baptist; bilang dating isang—isang Baptist, ako mismo, isang Missionary Baptist, at—at nalalaman ang ibig sabihin nito kapag ang inyong mga kasamahan. . .

² Mayroon akong ganun ding karanasan. Ang sarili kong mga kasamahan ay itinaboy ako, at inisip nila na paalisin ako dahil sa ako ay nabaliw na. At napagtanto ko, at kadalasa'y sinabi ko ito sa medyo tila di-tuwirang paraan, “Kung ako'y baliw, pabayaang lamang ako, dahil mas maligaya ako sa ganitong paraan kaysa nang ako'y nasa tama kong pag-iisip.” Kaya 'yan ay para bang isang munting pilosopiya na pinanghahawakan ko, sa sarili ko. At—at totoong ako noon pa'y nasisiyahan sa—sa pagkakataong ito sa ganitong paraan.

³ At ang munting kapatid na Church of Christ dito, gaya ng kadalasan nating pagtukoy rito, o Campbellite. At naaalala ko na sila ay totoong matinding tumutuligsa laban sa mga pagtitipon nang tayo ay unang magpasimula. Nguni't, alam ninyo, mayroon tayong isa na nagngangalang Pablo na minsan ay ganun din, at siya ay naging isa sa atin. Kaya, iyan ay totoo. Palagay ko ang kadalasang tinitingnan nila ay ang buhay na ipinamumuhay ninyo. Alam n'yo, mas mabuting ipamuhay mo sa akin ang isang sermon kaysa pangaralan ako ng isa, anumang oras.

⁴ Minsan noon, isang kilalang ministro, mahusay na full-Gospel na lalaki; lahat—lahat kayo ay kilala siya, palagay ko. Ay si Rev. Booth-Clibborn; ipinangangaral ang Ebanghelyo sa pitong iba't ibang wika. Talagang matalino siya. At ako. . . Siya'y napakatalino. At kami ay magkakasama minsan, at siya at si Kapatid na Moore at ako, at pinag-uusapan namin ang isang bagay. At ako ay salungat sa kaniya, at lumingon siya sa akin. Sinabi niya, “Sadyang hindi mo alam ang iyong Biblia.” Alam ninyo kung papaano masasabi iyan ni Kapatid na Booth.

⁵ Sinabi ko, “Iyan ay totoo, Kapatid na Booth, nguni't kilala ko ang May-akda nang lubos.” Kaya, kaya ako—gusto kong. . . Alam ninyo, hindi ang malaman ang Kaniyang Salita ay Buhay, kundi, “ang makilala Siya ay Buhay.” Tama 'yan. Kita n'yo?

Maging alam ko man ang Kaniyang Salita; kung makilala ko lamang Siya! At talagang iyan ang Katotohanan.

⁶ Ako ay, nitong umaga, nakikipag-kamay sa mainam na pagkakaisang ito rito, ng mga ministro. At sa pag-upo rito mayroon ditong. . . Hindi ko ibig na gawing mailantad ang sino man. Nguni't ang itim na lalaking ito ay pumasok, kapatid, naupo roon. Sinabi ko sa sekretaryo ko rito, "Hayun ang isang tunay na Cristiano."

⁷ Ipinapaalala mo sa akin nang lubos si Elder Smith na dating isang Church of God in Christ, sa paniwala ko. Dati akong nangangaral nang madalas para sa kanila doon, at—at para ko ba siyang nakikita. Siya ay medyo kamukha ng kapatid dito, lamang ay mayroon siyang parang puting balbas. Papasok ako sa likurang pintuan, at hinding-hindi ko nalilimutan ang kasabihan na laging sinasambit ng matandang lalaki; titingala, at ang lahat ng mga banal ay mangag-aawitan, alam n'yo na. At may isang batang babae na laging nanatili sa may sulok. Ang paborito kong awit ay *Lift Him Up*. At ipapalampak nilang lahat ang kanilang mga kamay, sa pentecostal na kaugalian, alam n'yo na, *Lift Him Up*. Minahal nila ako, at minahal ko sila. At kapag kami ay pumapasok. . . Dati siyang nauupo banda roon, na ang ulo niya ay *nakaganito*, sa ibabaw ng upuan, at pinagmamasdan lamang sila, alam n'yo na. Sasabihin niya, "Tuloy ka, elder. Pagpahingahin mo ang sombrero mo. Pagpahingahin mo ang sombrero mo."

⁸ Ang kapatid dito; at nalaman ko, noon, na isa sa paborito kong mga mang-aawit ng Ebanghelyo ay kaniyang asawa. At nagawa ko na ang lahat ng pahiwatig na magagawa ko, upang mapaawit siya. At, pagkatapos, hiniling niya na huwag siyang tawagin, at alam ko ang ibig sabihin niyan. Nguni't personal ko siyang aanyayahan, kung magagawa niya, na pumunta at umawit.

⁹ Buweno, hindi ba't ikaw ang kapatid na babae na umawit—umawit nung, *Ship Ahoy*, isang umaga sa Christian Business Men, nga ba? [Sinababi ng kapatid na babae, "Oo, ginoo. Oo."—Pat.] Umaasa ako na ang aking asawa ay makadalo sa linggong ito, at gusto kong marinig ka niya, dahil labis kitang ipinagmalaki. At kung mapalampas ninyo iyan sa teyp, iaayos natin iyan. Gustong-gusto ko ang mainam na pag-aawitang iyan.

¹⁰ At, dati kong sinababi sa mga tao, ako—ako'y hinding-hindi marunong umawit. Oh, naku, ako ay milyong milya mula diyan. Nguni't sinabi ko, "Kung makakarating kayo doon sa Langit at tumira sa inyong malaking palasyo, alam n'yo, Doon sa itaas," sinabi ko, "doon sa pinakababa ng burol, sa may kakahuyan doon, may maliit na dampa na nakatayo roon. Iyon ay sa akin. At isa sa mga umagang ito kapag kayo ay lumabas sa may balkon at

marinig ang isa na nakatayo roon, umaawit ng, 'Amazing grace! how sweet the sound, saved a wretch like me!' Sabihin ninyo, 'Purihin ang Dios! Nagawa ng matandang Kapatid na Branham sa wakas.'" Ako iyon sa dako roon na nakikinig, nagsisikap umawit.

¹¹ Sa mga kapatid kong Cristiano, at sa . . . Naniniwala akong ang isang kapatid na lalaki ay ipinakilala siya sa atin, ngayong umaga, bilang isang ministro ng Buddha, sa dako rito. Pagbati sa iyo, mahal kong kaibigan. At nagkaroon ako ng lubos na pakikipag-ugnay, hindi gaanong marami, nguni't nakasama ang mga Budhista; at lalo na sa Canada, sa gitna ng mga taong Intsik, at nasumpungan silang labis na mapagmahal at magiliw.

¹² Naaalala ko ang isang munting lalaking Budhista mula sa templo ng Buddha, dumalo sa pagtitipon sa Winnipeg, at siya ay bulag. Napakaliit, magiliw na munting mga tao, at totoong pinaniniwalaan nila na ang Dios ang tagapagpagaling. At habang nananalangin para sa kaniya, at kaniyang inuulit, kung gaano niya kamahal ang Dios, at bigla-bigla ay nabuksan ang kaniyang mga mata, doon sa . . . At iyon ay talagang isang—isang kahanga-hangang bagay. Kaya, ating—ating pinahahalagahan ang bawa't lalaki at bawa't tao.

¹³ Ngayon, hindi pa ako nagkaroon ng ganitong pagkakataon noon, sa Chicago, na subukang mangusap . . . Na, hindi ko susubuking magdala ng anumang partikular na mensahe, dahil ang mga ministro dito ay higit na may kakayahan kaysa sa akin, upang maghatid ng mensahe. Nguni't, at gayun pa man, hindi kayo naparito upang makinig ng mensahe. Nguni't naisip ko na maaaring ito ay pinakamaluwalhating pagkakataon na maaaring makaugnayan ko ang mga ministro ng Chicago, ang distritong ito rito, at higit na makilala pa sila, at kami ay higit na magkakilalanan pa sa isa't isa. At tunay na pinasasalamat ko ang Panginoon para sa pagkakataong ito. Dahil, naparito na ako nang maraming beses sa siyudad na ito rito, sa ilalim ng pagtataguyod ng isang iglesya, at sa ilalim ng pagtataguyod ng Christian Business Men; samakatuwid, walang isa mang pagkakataon na maihayag ang sarili ko sa kalipunan ng mga kapatirang lalaki.

¹⁴ At—at pagkatapos naisip ko, at mayroong napakarami na palaging sumusunod sa isang ministeryo na tulad nito, mga detalye, at mga tagumpay at pagkabigo, hanggang sa minsan ay napakadali para sa isa na magkaroon ng maling impresyon. At gusto kong kunin itong mga sumusunod na ilang minuto upang sikaping ipaliwanag at—at liwanagin ito sa aking mga kapatirang lalaki, na kasing liwanag ng magagawa ko.

¹⁵ At ako—ako'y hindi sapat at walang kakayahang gumawa ng isang—isang pangungusap na marahil ay magiging tila makabuluhan sa mga taong edukado. Wala akong edukasyon,

at kapos ako niyan. Nguni't ako ay... iniibig ang Panginoon. At binigyan ako ng Panginoon, marahil, ng ibang paraan upang makapagwagi ng mga kaluluwa, sa pamamagitan ng isang Makalangit na kaloob, upang mapunan nito ang puwang na hindi nakayanang ipagkaloob sa akin ng mga magulang ko, isang edukasyon. Mula sa isang tahanan ng isang mahirap na pamilya, at sampung mga anak, at isang amang may karamdaman, at hindi ako nagkaroon ng pagkakataon upang makakuha ng edukasyon. Kaya kung ganun, nguni't, sa kapanganakan, may bagay na nangyari, isang karanasan sa Dios, sa aking ina at ama. At nabasa ninyo ang kasaysayan ko. At, sa pamamagitan niyan, sinisikap kong gampanan ang aking bahagi, kasama ninyong mga kapatid, na ilapit ang mga makasalanan kay Cristo. At ngayon ako...

¹⁶ Hindi ako mapamahiin. Nguni't ako ay palaging, bago buksan ang Salita, nais kong makipag-usap sa May-akda nang kaunti. At maaari ba nating iyukod ang ating mga ulo muli sandali.

¹⁷ Minamahal naming Ama, Ikaw ang aming Dios, at kami ay lumalapit sa Iyo sa ngalan ng Ebanghelyo. Narito ako sa harapan ng Iyong mga anak, ng Iyong mga pastor, at mga kapatid sa ganun ding mahalagang pananampalataya. At labis na sumisigla ang puso ko na marinig ang mga lalaking ito na hindi naunawaan, at ipinasok sa mga institusyon, alang-alang sa Kaharian ng Dios; makita kung paano Mo tinatawag ang Iyong mga anak sa huling mga araw.

¹⁸ At kami'y tunay na naniniwala, Ama, na kami ay nabubuhay sa katapusan ng takbuhan. Gaya ng sinabi ng propeta, "Magliliwanag sa panahon ng gabi." At naniniwala ngayon na kami ang mga mensahero nitong dakilang Ilaw ng Ebanghelyo na, sa biyaya Mo, Iyong pinahintulutan kaming dalhin sa mga kadulu-duluhan ng lupa, kung saan pumaroon ang rebaybal na ito.

¹⁹ At idinadalangin ko, Ama, na, mula sa puso ko, na pahihintulutan Mo akong ipahayag sa mga kapatiran ko, ngayong umaga, ang layunin at nilalayon ng buhay ko sa Iyo, upang maunawaan nila. Ipagkaloob ito, upang magkaroon kami ng sakdal na pag-ibig, at pakikisama, at pagtutulungan, sa lahat ng paggawa ng Ebanghelyo. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, Na dumalangin na kami ay maging isa, gaya naman Niya at ng Kaniyang Ama ay Iisa. Pinaniniwalaan ito, na, "Malalaman ng mga tao na kayo ay mga alagad Ko, kapag mayroon kayong pag-ibig, sa isa't isa." Amen.

²⁰ Ngayon lamang... At umaasa ako at nagtitiwala na hindi ko kayo iniinip mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae, dito. Nguni't palagay ko ay gusto kong linawin ang sarili ko, upang hindi na ninyo kailangang pakinggan ang sinabi ng kung sino

pa man. At naipaliwanag ko na, nang maraming beses, sa ibang mga pang-ministrong pagtitipon, nguni't ito ang kauna-unahan ko sa grupo ng Chicago, at gusto kong ipaunawa nang maigi ang sarili ko, sa kung ano ang sinisikap kong gawin.

²¹ Sa pinagpalang malaon nang Ebanghelyo rito, ang ika-26 na kabanata ng Aklat ng Mga Gawa, mababasa natin.

Dahil nga dito, Oh haring Agripa, hindi ako nagsuwail sa pangitain ng kalangitan:

²² Ito ay, mangyari pa, si Pablo na nangungusap. Na, tayong lahat, bilang mga ministro, ay gustong tumukoy pabalik sa kaniya, dahil siya. . . Tayo, na nagkakaayon, ay naniniwala na siya ang apostol sa iglesyang Gentil, na tinawag siya ng Dios upang maging isang—isang saksi sa mga Gentil. At ang kaniyang ministryo ay inusisa.

²³ At kadalasan, anumang bagay na di-pangkaraniwan na lumilitaw, ito ay inuusisa. Ito'y, at palagay ko ay tama lang iyon; ito ay dapat na siyasatin. At palagay ko na ang mga pastor kung minsan ay mga mapaghinala sa—sa mga bagay na naririnig nila, at palagay ko mayroon silang karapatang maging ganun. Dahil, kung nauunawaan ko ang salin ng salitang *pastor*, ay nangangahulugang isang “pastol.” At, samakatuwid, siya ay isang—isang—isang tagapagpakain, o isang tagapastol, ng isang grupo ng mga lalaki at mga babae na kung saan ay ginawa siyang tagapangasiwa ng Espiritu Santo. At mayroon siyang karapatang malaman kung anong uri ng pagkain ang kinakain ng kaniyang tupa, at kung saan ito nanggagaling. Palagay ko'y mayroon siyang karapatan diyen.

²⁴ At kung ang isang pastor, o kung minsan ang mga tao, ay para bang medyo maging mapaghinala, iyan ay hindi, kailanman, hindi dapat makabahala sa sino man. Dapat lamang itong magdala ng respeto sa puso ng isang tao, para sa isang lalaki sa gitna nila, sa ganung katatayuan, na mang-uusisa nito. At, ganun ma'y, kung hindi ninyo tiyak na kayo ay nakahanay nang tama, papaano kayo makakalakad sa pamamagitan ng pananampalataya?

²⁵ Kung ilalagay ninyo sa inyong isipan. . . Ngayon, ito ay parang sikolohiya; na maaaring ganun na nga, at ganoon nga, nguni't ito'y walang anuman. Nguni't iisipin n'yo lamang talaga, mula sa inyong puso, na hindi kayo kailanman aalis sa dulang, maaaring kayo nga'y hindi. Kita n'yo? Dapat kayong. . . Ganoon lang kasimple.

²⁶ Dapat kayong maniwala. Dapat kayong magkaroon ng pananampalataya. Dapat kayong magkaroon ng tiwala. At papaano kayo magkakaroon ng tiwala sa anumang bagay na inyong—na hindi n'yo man lang nalalaman kung saan kayo pupunta? Papaano ako makakapaglabay sa isang daan na hindi ko pa kailanman nadaanan, na may walang ingat na bilis, at

lahat ay kurbada, hindi alam kung ano ang kahihinatnan ng susunod na kurbada? Dapat ninyong makita kung saan kayo paroroon, o hindi ninyo alam kung paanong lumakad. At ganiyan dapat ang bawa't isa. At pagkatapos kapag inyong magawang, makita n'yo iyon, naipahayag iyon sa inyo, at alam ninyo kung saan kayo pupunta, kung ganun walang anumang makapipigil sa inyo.

²⁷ At iyan, palagay ko, si Pablo, ang sinisikap niyang ipaunawa kay Agripa rito. Na, siya—sinabi niya sa kanila na, “Minsan ay naging kasama ninyo ako.”

²⁸ At ipinapalagay ko, siguro, kung—kung ang kapatid na ito na Baptist, at makaparoroon sa simbahan ng Baptist ngayong umaga, siya at ang maybahay niya, iyon marahil ang kanilang maipapatotoo. “Ako—ako ay minsang naging kasama ninyo.”

²⁹ O, ang Church of Christ, o ang—ang kapatid na Campbellite rito, ay paroroon sa—sa kaniyang mga kasamahan. Palagay ko'y tinatawag na iyon sa mas mainam na pangalan; Disciples of Christ, ang tawag nila dito, nguni't iyon ay totoong para sa doktrina ni Alexander Campbell. At pagkatapos ang Church of Christ ay lumabas sa inyo, sa kadahilanan ng musika. Tama iyan, hindi ba? At kung makababalik siya sa kanila, sasabihin niya, “Ako ay minsang nakasama ninyo.”

³⁰ At si Pablo ay bumalik dito kay Haring Agripa, at kay Festo, at nagsabi, “Ako ay minsang nakasama n'yo. Ako ang Fariseo ng mga Fariseo.” Siya ay natuto sa ilalim ni Gamaliel, ang dakilang guro, at alam niyang lahat ang mga alituntunin nila at mga patakaran, at sadyang kung ano ang paniniwala nila at hindi nila paniniwala. At sinabi, “Na inusig ko ang Iglesia ng Dios hanggang kamatayan.” Kita n'yo? Sinabi niya, “Ang mismong bagay na naging dahilan na ako ay sinisiyasat, ay ako ang tagausig nito noon.”

³¹ At lagi nang iniisip ko na ang kamatayan ni Esteban marahil ang nakaapekto kay Pablo, dahil nang makita niya ang maluwalhating anyong iyon sa mukha ni Esteban. Nang tumingin siya sa itaas, at ang mga tigal na lupa ay tinatamaan siya hanggang mamatay, at sinabi niya, “Nakikita ko si Jesus na nakatayo sa kanang kamay ng Dios.” At alam n'yo, maaari ninyong patayin ang mensahero, nguni't hindi ninyo kailanman mapapatay ang kaniyang mensahe. Iyan ang Katotohanan. At ang mensahe, bagama't si Esteban ay lumisan na upang tumayong kasama ni Jesus, ganun pa man, ang mensahe niya ay nagpatuloy, dahil patuloy na nangusap si Pablo tungkol dito, at, ano, siya'y “pinakamaliit” sa kanila, at hindi karapat-dapat na tawaging kasama nila, dahil sinaksihan niya at—at ibinigay ang kaniyang pahintulot na mapatay ang maka-Dios na taong ito.

³² At samakatuwid, si Pablo, tulad ng dapat gawin ng lahat ng mga tao sa harapan ng mga tao, dinadala ni Pablo ang

kaniyang—kaniyang karanasan, pabalik, mula sa pasimula, sa kung ano siya noon; at pagkatapos ay inilalagay ito at ibinabatay ito sa Kasulatan, upang ipakita na ang ginagawa niya ay ayon sa Kasulatan. Bagaman iyon ay salungat sa kanilang paniniwala, gayun ma'y ipinapakita niya sa kanila na iyon ang Kasulatan.

³³ Samakatuwid, palagay ko na tayo. . . Anumang bagay, na gaya ng madalas kong sinasabi, mga kapatid, kayong nakadalo na sa mga pagtitipon, na, kung ako man ay nasumpungang nagsasabi ng mga bagay na hindi ayon sa Kasulatan, kung ganun sa palagay ko iyon ay totoong. . . o sino man na ibang kapatid, dapat tayong lumapit sa isa't isa at sabihin, "Iyan ay hindi matatagpuan sa Biblia," nakita ninyo. Kung iyon ay nasa Biblia, maaring mayroon kayong ibang kapaliwanagan; nguni't, 'yun ay, kung 'yun ay nasa Kasulatan, mabuti.

³⁴ Ngayon, ibinibigay ni Pablo ang kapaliwanagan niya kung ano ang sinabi ng propeta, at kung ano ang sinabi ni Moises, na mangyayari. At nakatagpo niya si Jesus sa daan, sa isang pangitain. At ang Jesus na ito ay tumawag sa kaniya.

³⁵ Na, dapat sana'y hindi iyon isang mahirap na bagay para sa mga Hudiyong yaon, gaya ng sinabi niya, "Kagalang-galang na Festo," at—at iba pa, na iyon "magiging kataka-takang bagay ba sa inyo, kung buhayin ng Dios ang mga patay?" Kita n'yo? "Dahil kung nalalaman ninyo kung ano ang Dios doon noon, sa pamamagitan ng—ng Mga Kasulatan, tunay na malalaman ninyo na Siya ay may kakayahang bumuhay ng mga patay."

³⁶ At pagkatapos sinabi niya, isinalaysay niya sa kanila ang karanasan nang siya'y nasa daan patungong Damasco, kung ano ang nangyari, na, upang ipaalam sa kanila na itong si Jesus na—na sila'y nagdudulot ng labis na kaguluhan dahil sa pangangaral niya Nito, ay ang mismong Dios na pinagliliingkurang nila sa tuwi-tuwina. Dahil, Siya ay naroon noon sa ilang na kasama nila, na Siyang nanguna sa kanila, bilang ang Liwanag na iyon; ang Apoy, Haliging Apoy na nanguna sa kanila. At nagpakita Siya kay Pablo sa ganun ding bagay, ang Liwanag muli, na bumulag sa kaniya. At itinanong niya, "Sino Ka, Panginoon?"

³⁷ At sinabi Niya, "Ako si Jesus, na iyong pinag-uusig. At mahirap para sa iyo ang sumikad sa mga matutulis."

³⁸ At sinisikap niyang ipaliwanag sa kanila kung ano iyon, at—at sinisikap niyang ituro sa kanila iyon, kung ano ang ipinapahayag niya sa mga tao, iyon ay, na "si Jesus Cristo ay ang Mesiyas, at na Siya ay namatay, at ibinangon Siya ng Dios." At iyon ay ayon sa Mga Kasulatan. "At na ngayon ay umakyat Siya sa Kaitaasan, sa Dios Ama," at na—na saksi siya sa Kaniyang pagkabuhay na muli. At, na, ang mga himalang ito, at mga tanda, at mga kababalaghan, na mga di-pangkaraniwan sa mga tao, ay mga hindi bago sa isang tunay, na

mananampalatayang nakabatay sa Kasulatan, dahil nangusap ang Biblia tungkol dito.

³⁹ Bumalik doon sa mga propeta, kung papaanong iprinopesiya nito, kung ano, sa pagdating ng Mesiyas, at kung ano ang gagawin Niya, “Ang pilay ay lulukso na tulad ng isang usa,” sa Isaias 35 at iba’t ibang Mga Kasulatan na maaaring tinukoy niya. Wala tayo niyon na nakasulat dito, nguni’t marahil sa pagbabalik at sa pagtukoy nito sa kaniyang maikling pangungusap sa harapan ng mga hari; dahil, sila marahil ay hindi magiging kasing tiyaga sa kaniya na gaya ninyo sa akin. Kaya, at pagkatapos kaniyang—kaniyang ipinapaliwanag iyon, at sinisikap na sabihin sa kanila na ang mismong Dios na pinaglingkuran nila. . .

⁴⁰ At pagkatapos, muli, sinabi niya, “Sa daan na tinatawag na *hidwang paniniwala*,” na, “baliw,” kita n’yo. “Ang daan na tinatawag na hidwang paniniwala, sa ganoong paraan ko sinasamba ang Dios na sinasamba ninyo.” Kita n’yo, “Sa daan na tinatawag na hidwang paniniwala.”

⁴¹ Natitiyak ko na, ngayon, kung tayo’y tumayong kasama ng dating mga iglesya na kinabibilangan natin, gaya ng Presbyterian, Katoliko, Baptist, at mga iba pa, masasabi natin ang ganun ding patotoo sa mga taong iyon na nagsasabing gusto nilang, parang, ipasok ang kapatid sa silid ng mga baliw, o bagay na tulad niyan. “Sa daan na tinatawag na hidwang paniniwala, ay ganun ko sinasamba ang Dios ng ating mga magulang.”

⁴² At anong pagkalaki-laking patotoo niyon sa harapan ni Agripa, hanggang maging sa kalagitnaan ng pananalita niya, sumigaw si Agripa, at nagsabi, “Pablo, Saulo, halos mahikayat mo na akong maging Cristiano.” Kita n’yo, kung papaanong, ipinahayag niya ang Mga Kasulatan nang napakalinaw, ganun ma’y salungat sa sarili niyang sinagoga. Nguni’t ang Mga Kasulatan ay lubos na napakaliwanag, hanggang sa sinabi niya, “Halos mahikayat mo na akong maging katulad mo.”

⁴³ Sinabi ni Pablo, “Hangad ko na ganun kayo, lahat, lamang ay hindi ko ibig na kayo ay matanikalaan na gaya ko, nakita ninyo,” kundi maging mananampalataya na katulad niya. Sa ibang pananalita, kung ako. . . “Hiling ko sa Dios na nakita nawa ninyo ang kapahayagan tulad ng—tulad ng pagkakakita ko rito.” Sa iba pang pananalita, “Ako—hangad ko na magawa n’yo iyan.” Kita n’yo? “Sadyang hangad ko na magawa ninyo.”

⁴⁴ Nang, si Festo, naniniwala ako, ay sinabi sa kaniya na siya ay “lumabis sa pag-aaral,” siya ay “wala na sa kaniyang katinuan.” Nguni’t ipinaalam niya sa kaniya na siya—na siya ay hindi baliw; na siya—alam niya kung saan siya naninindigan.

⁴⁵ At sasabihin ko ito, ngayong umaga, mga kapatid. Hangad ko sa lahat-lahat na maaari kong. . .Hindi ipinapakahulugan ang buhay ni Pablo, kundi upang magbigay lamang ng kaunting

pangunahing pangungusap. Dahil, marami pang naririto na marahil ay magsasalita ngayong umaga, nguni't ninais kong sabihin ito sa pagkakataong ito. Ngayon hangad ko na ang bawa't iba't ibang iglesya, gaya ng narinig kong pinupuntahan ninyo, Bethel Temple, Independent, Assemblies of God, at iba pa. . . Hangad ko na lahat-lahat ay makita ninyo kung ano ang nakikita ko; na makita ninyo. Hangad ko na makita ninyo ang pangitain na nakikita ko, kung ganun ay magkakaroon kayo ng mas maliwanag na kaunawaan, tungkol sa ministryo.

⁴⁶ Nang iwan ko ang iglesyang Baptist, upang pumaroon sa pentecostal; at si Dr. Roy E. Davis, na nagtalaga sa akin sa iglesyang Missionary Baptist, ay sinabi sa akin na nagkaroon ako ng bangungot, nang dumating ang pangitain ng Panginoon at—at nangusap sa akin. At—at alam ninyo kung ano ang pagpapagalang noon, iyon ay nasa mababang pagpapahalaga.

⁴⁷ At—at wala akong nalalamang anuman tungkol sa mga Pentecostal. Narinig ko na sila ay isang lupon ng mga holy-roller na nahihiga sa sahig at naglalaway na tulad ng mga ulol na aso, at kailangan nilang paypayan sila at ibalik ang kanilang malay, at lahat na tulad niyan. Iyan lang ang nalalaman ko tungkol sa mga taong Pentecostal.

Sinabi niya, “Sino sa palagay mo ang makikinig sa iyo?”

⁴⁸ Sinabi ko, “Kung isinusugo ako ng Dios, mayroong lugar at may taong pagsusuguan Niya sa akin.” Tama iyan. Kita n’yo? Dahil, sinabi ko, “Dr. Davis,” sabi ko, “Siya ay sadyang napakatotoo; tumindig ako at tumingin sa Kaniya,” sinabi ko. Sinabi nila sa akin na ang mga pangitaing iyon. . .

⁴⁹ Ako ay isang may malaking paniniwala, mga kapatid, na—na ang mga kalooob at mga pagkatawag ay hindi nagbabago. Aking—aking pinaniniwalaan iyan. Kayo ay ipinanganganak, hindi kayo maaaring maging isang bagay na hindi kayo. At sa tuwing susubukan ninyong gawin ang inyong sarili na maging isang bagay na hindi kayo, ginagampanan lamang ninyo ang bahagi ng isang mapagpaimbabaw. At hayaan nawa ng Dios na ako’y mamatay na bago ako maging isang mapagpaimbabaw, kita n’yo. Hayaan akong maging kung ano lamang ako, at pagkatapos ay gawing maliwanag ito at malinaw. At—at, kung gayun, hayaan—hayaan akong maging ganun, at sa gayun ay malaman ng lahat. Kung ganun ay nalalaman ninyo nang tamang-tama lamang.

⁵⁰ At kaya ngayon, gaya ng alam ninyo, wala akong gaanong pinag-aralan, gaya ng sinabi ko. Kaya sa aking. . . sa teolohiya, ako ang siyang pinakamahina. At palagay ko ay alam ninyo iyan, kita n’yo. At bilang isang mangangaral, halos ni hindi ko matawag ang sarili ko na isa, dahil sa hindi pagkakaroon ng pinag-aralan at pagkaalam ng mga salita, at iba pa. Nguni't sa kaunting mayroon ako, upang. . . gaya ng nalalaman

ko sa pagkaalam, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, ang Panginoong Jesus, sinisikap kong ibahagi iyan sa lahat kong mga kapatirang lalaki sa lahat ng dako, upang maibahagi ito.

⁵¹ At, nguni't, nang iwan ko ang iglesyang Baptist; na siyang tanging iglesyang pinasukan ko, o nakatalagahan noon. At ako ay itinalaga noong 1933, sa iglesyang Missionary Baptist, sa Jeffersonville, Indiana. Iyon ay isang—isang...iyon ay miyembro ng Southern Baptist Convention. Pagkatapos kami, sa panahong ito, ako...nang ako ay umalis at sadyang...

⁵² Ngayon, ang iglesyang Baptist ay isang malayang iglesya. Ating—alam nating lahat iyan, na iyon ay isang—iyon ay isang...Maaari kang makapangaral ng tungkol sa anumang gusto mo, kung ang inyong kongregasyon ay maninindigan para doon. Sila lamang...Gusto mong ipangaral ang anumang ibig mo.

⁵³ At gusto ko iyan, kita n'yo, dahil naniniwala ako na iyon ay apostoliko. Dahil, ang pangulo, ang pinakamataas na katungkulan sa iglesya, ay ang tagapastol, nalalaman natin iyan, ang pastor. At—at kung ang—ang...Kung ang isang obispo o iba pa ay ibubuwal ang kapahayagan mula sa pastor, kung ganun papaano makakakilos ang Dios sa kaniyang iglesya? Nakita ninyo, sadyang hindi ninyo makakamtan iyon. Kaya, at mayroon akong...

⁵⁴ Nang lumabas ako doon, nakatagpo ko ang unang grupo, na iyon ay ang pagpapagaling sa munting Betty Daugherty, sa St. Louis, Missouri. At iyon ay isang Pentecostal United, o isang iglesyang Pentecostal Jesus' Name, at ang pastor na ito ay kabilang doon, at ang kaniyang anak na batang babae ay gumaling. Tunay na, inakala kong iyon ang nagpaging pentecostal sa kaniya, ay dahil sa tinawag nila ang kanilang mga sarili na, "Jesus Only." At inakala kong iyon ang nagpaging pentecostal sa kanila, ay dahil sa iyon ang tawag nila sa kanilang mga sarili, at iyon ang pagkakaiba. Kaya, buweno, pagkatapos mula roon ay pumaroon ako sa...

⁵⁵ At isang butihing lalaki; nagkaroon ng isang malaking pagtitipon sa St. Louis, na ang larawan ay ipinapakita doon. At nakuha namin ang Kiel Auditorium; at ang unang gabi, o pangalawa, mayroong labing-apat na libo ang pumuno dito, at ni hindi kami...kinailangang maglagay ng mga pulis sa mga pintuan, upang pigilan sila.

⁵⁶ At pagkatapos mula roon, nagtuloy hanggang kay Richard T. Reed, ng Blessed Old Bible Hour Tabernacle, sa Jonesboro, na mula sa ganun ding organisasyon. At mula diyan, nagpunta kay Dr. G. H. Brown, ganun ding organisasyon, sa 505 Victor Street sa Little Rock, Arkansas. At, mula roon, papunta sa West Coast.

⁵⁷ At pagkatapos nang makarating ako sa West Coast, ay natuklasan ko ang problema. Saka ko nalaman na

napakaraming mga pagkakabaha-bahagi sa gitna ng mga taong pentecostal, sa kanilang mga organisasyon, na gaya ng mayroon sa ating mga Baptist. Kita n'yo, sila ay may napakaraming pagkakaiba, mayroon doong, mayroon silang pagkakaiba. May Assemblies of God, at ang Church of God, at ang iba pang bagay, at ang iba pang bagay, at ang iba pang bagay, at ang—at ang pagkakaiba. At naghiwa-hiwalay sila sa kani-kanilang sarili, at naglagay ng mga munting guhit ng hangganan. At lahat ng iba pang mga kapatid ay nagsimulang lumapit sa akin, at sinasabi sa akin, “Aba, ikaw ay isang Jesus Only, kasama ang grupong ito sa dako rito.”

Sinabi ko, “Hindi, hindi ko—hindi ko tinatawag na ganiyan ang sarili ko.” Kita n'yo?

Sinabi niya, “Aba, nakikihalubilo ka sa kanila.”

⁵⁸ Sabi ko, “Buweno, iyan—iyan ay hindi ako pinapaging ganun.” Kita n'yo? At sinabi ko, “Ako—ako—ako lamang. . . Sila ay mga kapatid.”

⁵⁹ At sinabi niya, “Aba, sila'y isang lupon ng. . . Aba, wala silang anumang bagay kundi isang lupon ng mga dapuan ng buwitre at mga bagay-bagay, sa paligid, katulad niyan. Kung saan. . .”

⁶⁰ Sinabi ko, “Ngayon, pagpaumanhinan mo ako. Nakakatagpo ko ang totoong maka-Dios na mga tao roon. At sila ay mga tao ng Dios.” At sinabi ko, “Aking—aking totoong ikinagagalit ang tawagin silang masama; dahil, sila'y hindi.”

⁶¹ Buweno, pagkatapos ay pinigilan ko iyon hangga't sa magagawa ko, na hindi nagpapahayag sa alin mang panig. Buweno, nagsimula akong pag-aralan kung ano ang mga ideya nila, at kung ano ang kanilang pagkakahiwa-hiwalay, at kung ano ang naghihiwalay sa kanila. At nasumpungan ko na dalawa sa malalaking mga grupo, isa sa kanila, ay tinawag na Jesus Only, at ang isa naman ay tinawag na Assemblies of God. At sila ay tinawag palabas, o naghiwalay, sa dahilan ng usapin sa bautismo sa tubig; ang isa ay ginagamit ang “Ama, Anak, Espiritu Santo,” at ang isa naman ay ginagamit ang Pangalan ni “Jesus.”

⁶² Buweno, tumingin ako, at sa magkabilang panig ay may mga kilalang lalaki, mga lingkod ng Dios. At naisip ko, “O Dios, kung makikita ko silang lahat na maging. . . magpatuloy lamang at magkaroon. . . nguni't huwag lamang maglagay ng kanilang mga guhit, at magsasabi, ‘Hindi tayo makikisalamuha sa isa't isa.’” Nguni't nasumpungan ko, dito, ang masamang espiritu ay pumasok sa gitna nila at nagdulot ng galit at maling akala, tungkol sa mga usapin na dumating sa kalagitnaan nila. Naisip ko, iyan ang talagang gusto ng Diablo. Iyan ang sadyang gusto niya. Hangga't ang inyong mga baril ay nakatutok sa

isa't isa, hindi niya kailangang makipaglaban nang kahit kaunti. At ako . . .

⁶³ At kaya pagkatapos, sa wakas, ito ay humantong sa isang sapilitang paghaharap. At ang sapilitang paghaharap na iyan ay sa Seattle, Washington, mga 1946. At isang umaga ay dinala ako sa bulwagan ng otel, bagay na tulad nito, na may isang—isang agahan ng ilang mga ministro. At kinailangan kong makipag-usap sa dalawang pangunahing lalaki.

⁶⁴ At isa sa kanila ay si Dr. Ness. Sa palagay ko kayong mga kapatid na Assemblies of God ay naaalala siya. Siya ay nasa teritoryong hilagang kanluranin; isang kilalang tao, matalino, iskolar. At kumakatawan siya sa Assemblies of God.

⁶⁵ At pagkatapos, si Dr. Scism, ng iglesyang United Pentecostal. Palagay ko kayong mga kapatid na United Pentecostal ay naaalala siya. Siya rin ay sa teritoryong hilagang kanluranin doon, na siya ang tagapanguna sa kanila at sa mga distrito doon.

⁶⁶ Buweno, ang dalawang lalaking ito ay nagtagpo. At ako ay ihaharap sa kanila, dahil ang—ang mga talim ay tumatalas, at iyon ay humihiwa sa akin sa lahat ng direksyon. At naisip ko, “Ano’ng dapat kong gawin? Ano’ng magagawa ko?”

⁶⁷ Ngayon, buweno, sinabi nila, “Buweno, kailangan mong pumanig sa isa o sa kabila. Kung makikisama ka sa mga Jesus Name, kailangan kang maging Jesus Name. At kung makikisama ka sa mga Assemblies of God, kailangan mong layuan ang Jesus Name, at maging Assemblies of God, o iba pa.” Dumating sa isang dako kung saan kailangan kong maghayag ng ganung bagay.

⁶⁸ Ako ay nanalangin nang husto noong umagang iyon bago pumaroon. Sinabi ko, “Dios ko, tulungan Mo ako. Dahil, may dalawang kilalang lalaki; may libu-libong mga lingkod. At isinugo Mo ako rito na mayroong isang ministryo. At sila kapuwa ay mga lingkod Mo. At dapat ko bang ibigay kung anong munting impluwensiyang mayroon ako sa isang organisasyon samantalang kinakalaban nito ang isa?” Kita n’yo? “Ako—sadyang hindi ko maramdamang tama na gawin iyon. Sa palagay ko ay hindi kalooban ni Cristo para sa akin na gawin iyon.” At sinabi ko, “Dios ko, tulungan Mo ako at bigyan ako ng isang bagay na gagawin, o bigyan Mo ako ng bagay na sasabihin.”

⁶⁹ At noon ay wala akong kasama. Sadyang kailangan kong tumayo roon, ang Panginoong Jesus lamang at ako, nang umagang iyon.

⁷⁰ Buweno, ang malaking pagtatalo ay dumating. “Ano ang gagawin mo? Ano—ano—ano’ng pasya ang gagawin mo?”

⁷¹ Sinabi ko, “Ang pasya ko ay tapos na. Na, ang pasya ko, ay ang tumayo sa pagitan ninyong dalawa, at hindi aanib

sa alinmang organisasyon; at sabihin, na ang mga kamay ay nakaakbay sa inyong dalawa, 'Tayo ay mga magkakapatid.'" Kita n'yo? Kita n'yo, tayo ay mga magkakapatid. Kita n'yo? At sinabi ko, "Sinikap kong basahin ang lahat ng mga aklat na magagawa ko, kung paano ito nagkaganun, ang tinatawag na 'bagong usapin' na ito, at kung paano sila mismo nagkahiwalay, at kung papaano na ang isang *ito* ay nagsimula nang paganito at paganoon." At sinabi ko, "Sa mga argumento sa pagitan ninyo," sinabi ko, "iyang din ang bagay na sumira sa kilos ng pentecostal, sa araw . . . pagkatapos ng Pentecostes. Sila'y nagsimulang magtalu-talo sa isa't isa." At sinabi ko, "Ang bagay ay naghihiwalay muli."

⁷² Sinabi ko, "Mayroon bang posibilidad na magkaroon ng isang tagapamagitan sa pagitan ninyo, kayong mga kapatid? Mayroon bang anumang bagay na—na makakapamagitan?"

⁷³ Buweno, ayaw nilang ibuka ang kanilang mga bibig diyari, dahil iyon ay napakatalas. Alam ninyo, mga labinlima, dalawampung taon ang nakakaraan, kung paano iyon noon, dahil ang isang grupo ay kalalabas pa lamang mula sa isa, at mayroong labis na pagtatalu-talo.

⁷⁴ Kaya sinabi ko, "Buweno, mga kapatid, heto ang gagawin ko. Ako ay . . . Hindi ako isinugo ng Dios upang magbautismo, ganun man. Isinugo Niya akong manalangin para sa mga anak Niyang may sakit." Sinabi ko, "Kaya, ako ay—ay manalangin para sa mga anak na maysakit, at kayong mga ministro ay gawin ang inyong sariling pagbabautismo," sabi ko.

⁷⁵ Sabi ko, "Ngayon gusto ko kayong tanungin ng isang bagay, para lamang maunawaan ninyo." Sabi ko, "Kapatid na Ness, ang mga taong ito na Jesus Name, naniniwala ka ba na natanggap nila ang Espiritu Santo kapag sila ay nagsalita sa mga wika at ginagawa ang ganun ding bagay na ginagawa ninyong mga nasa Assemblies of God?"

Sabi, "Sigurado."

⁷⁶ Sabi ko, "Kapatid na Scism, naniniwala ka ba na ang mga Assemblies of God ay mayroong Espiritu Santo kapag sila ay nagsalita sa mga wika at ginagawa ang ganun ding bagay na ginagawa ninyo sa bautismo?"

Sinabi niya, "Siyempre, naniniwala ako."

⁷⁷ Sinabi ko, "Ngayon, sinabi ng Biblia, 'Ibinibigay ng Dios ang Espiritu Santo sa kanila na sumusunod sa Kaniya.' Ngayon, sino ang sumunod sa Kaniya? Sino ang sumunod sa Kaniya? Sino sa inyo ang sumunod sa Kaniya? At ibinigay ng Dios sa inyo kapuwa ang Espiritu Santo, kita n'yo."

⁷⁸ Sabi ko, "Sasabihin mo ba, Kapatid na Schism, na si Kapatid na Ness ay hindi tumanggap ng Espiritu Santo?"

Sabi, "Hindi."

79 Sinabi ko, “Sasabihin mo ba na si Kapatid na Scism ay hindi tumanggap ng Espiritu Santo?”

80 “Hindi.” Kita n’yo? Na, kapuwa sila naniniwala na bawa’t isa ay may Espiritu Santo.

81 Nguni’t, nakita ninyo, sadyang iyon ay wala sa punto, mga kapatid. Iyon ay wala sa punto. At narinig ko, di kalaunan mula noon . . .

Babalik ako sa pinupunto ko maya-maya.

82 Ang mga kapatid na taga-Finland sa dako rito, matapos kong lisanin ang Finland; kung saan ibinigay sa amin ng Dios, ang sa palagay ko, isa sa aming pinakadakilang mga pagtitipon. Doon kung saan ang munting, patay na batang lalaki ay nabuhay, at marami pang mga bagay. Nakipagtagpo ako sa Stockholm, Sweden, kay Lewi Pethrus ng iglesyang Filadelfia doon na isang kilalang tao ng Dios, at ang iglesyang Filadelfia. Si Kapatid na Gordon Lindsay, na ngayon ay . . . palagay ko. Palagay ko ay hindi na siya kabilang doon ngayon, nguni’t naging kabilang siya noon sa Assemblies of God.

83 At ang Assemblies of God ay isa sa aking mga dakilang tagapagtaguyod, sa pandaigdigang. At ang Foursquare, na isang humiwalay mula sa Assemblies of God, ay isa sa aking mga dakilang tagapagtaguyod. Ang mga Oneness ay, sa pandaigdigang, ay isa sa aking mga dakilang tagapagtaguyod. Kita n’yo? At talagang pinanindigan ko iyon, nag-iwan lamang ng mga matatalas na talim, at pagkatapos ay nanindigan, na hindi ako maninindigan sa alin mang panig ng pagtatalo na iyon. Hanggang sa makita natin na tayong ay magkakapatid, at magsama-sama, at pagkatapos ay ating—ating makitang lahat ’yung iisang direktang punto doon, na ating pinatutunguhan, ang motibo at layunin sa paggawa niyon.

84 At inyong—dapat ninyong siyasatin ang inyong motibo at layunin, muna. Una, alamin ang kalooban ng Dios; at pagkatapos tingnan ang inyong layunin; at pagkatapos ay siyasatin ang inyong motibo at tingnan kung ang inyong motibo ay tama. Kung ganun, gaya ng sinabi ni Jesus sa Marcos 11:24, “Kung sasabihin mo sa bundok na ito, ‘malipat ka,’ at hindi mag-alinlangan sa iyong puso.” Nguni’t hangga’t mayroon kayong pag-aalinlangan sa puso, maging ito man ay kalooban ng Dios, o ang inyong motibo o layunin ay mali, papaano ito malilipat? Nguni’t kapag alam ninyo na ang inyong motibo ay tama, at iyon ay kalooban ng Dios, at ang inyong layunin ay tama, iyon ay tiyak na malilipat. Iyan lang, o nagsabi ang Dios ng bagay na mali.

85 Iyan ang pinakadahilan, kapag ako ay umaakyat sa plataporma, sa mga iglesya, walang sino mang nakarinig sa akin na binanggit ang mga bagay na iyon sa plataporma, ang mga usaping iyon. Hinahayaan ko lamang sila. Kita n’yo, iyan

ay nasa, inyo na mga kalalakihan. Kita n'yo? Ako'y narito upang tulungan kayong magwagi ng mga kaluluwa kay Cristo, sa pamamagitan ng Makalangit na kaloob, nakita ninyo. Kita n'yo? Walang anumang pagkakaiba iyon. . . Gawin ninyo ang pagbabautismo ninyo. Nguni't ganoon pa man pagdating. . .

⁸⁶ Mangyari pa, tinawag na akong lahat na. Natawag na akong, hindi ko alam kung gaano karami, saan man mula sa isang— isang “nagsa-lamang anak ng Dios” pababa hanggang sa isang— isang “diablo.” Tama iyan, lahat na. Nguni't, sa likuran ng lahat ng ito, ako'y kapatid ninyo, kababayan sa Kaharian ng Dios; nagtatrabaho kasama ninyong lahat, para sa Kaharian. At iyan ay totoo.

⁸⁷ Ngayon aking, kung ito'y ayos lang, at sa palagay ninyo'y mayroon tayong sapat na panahon, gusto kong sabihin sa inyo kung papaano namin pinag-usapan iyon. Ayos lang ba iyon, mga kapatid, panandalian lamang? [Sinasiabi ng mga ministro, “Magpatuloy ka lang. Oo.”—Pat.] Kapatid, si Kapatid na Ness at sila. . . Mabuti. At maaaring ito ay munting makakatulong sa inyo. Tutulungan kayo nitong maunawaan, parang ganoon.

⁸⁸ Isinulat ko, rito, ang ilan sa mga bagay na naalala ko. Iyon ay nagsimula doon. At kaya tinanong nila ako, ano ang paniniwala ko tungkol sa “trinidad,” pinaniniwalaan ko ba na may “trinidad” ng Dios?

⁸⁹ Ngayon, mga kapatid, kapag tinalakay natin ito, umaasa ako na, kapag ito ay natapos, na tayo ay mananatiling magkakapatid pa rin na gaya natin mula noon pa. Kita n'yo? Nguni't nararamdaman ko na may pananagutan ako sa inyo, dahil ang inyong mga tao ay dumadalo sa mga pagtitipon ko, at totoong hindi ko ibig na pauwiin ang isa sa kanila, na nadaya.

⁹⁰ At palagi ko nang sinasabi sa mga tao na sumusulat sa akin ng mga katanungan, na labas sa kung ano ang ipinapangaral ko sa plataporma. . . At narito ang sekretaryo ko, at iba pa. Kapag tinatanong nila ako ng isang katanungan, “Ano ang tungkol *dito*, o ano naman ang tungkol *diyan*?”

⁹¹ Sinabi ko, “Tanungin ninyo ang inyong pastor, kita n'yo. Dahil, kung naakay niya kayo nang ganito kalayo, hanggang sa natanggap ninyo ang Espiritu Santo, patuloy niya kayong aakayin, nakita ninyo. Inyong, kita n'yo, tanungin ninyo ang inyong pastor.” Dahil, ang mga maliliit na bagay na tulad niyan ay nagdudulot ng kaguluhan, at dahil doon lumalayo ako dito, nakita ninyo.

⁹² Ngayon, at nasabihan na ako na ako ay isang—isang kumakalaban sa mga organisasyon. Ngayon, hindi ako kumakalaban. Sa palagay ko ang mga organisasyon ay kahanga-hanga, nguni't kapag ang sistema n'yo sa inyong organisasyon ay sumasama, diyan ako laban. Kita n'yo? Kahit na ito man ay oneness, o—o ito'y ang trinity, o maging anuman ito, ang sistema;

na kapag kayo ay humantong sa isang dako, kayo ngayon . . . at sasabihin, “Kami ay ang Assemblies of God.”

“Buweno, sino iyang nasa kabilang kalsada?”

⁹³ “Oh, iyan ay mga kapatid namin. Sila ay mga—sila ay mga tinatawag na United Pentecostal.”

“Buweno, sino’yung naroroon?”

⁹⁴ “Oh, iyan ay mga kapatid na Foursquare. Oh, kami ay kahanga-hangang magkakapatid. Mayroon kaming isang kahanga-hangang pagkakaisa, sa isa’t isa.”

“Oh, naniniwala kayong lahat sa iisang bagay?” “Oh, oo, naniniwala kami.”

“Ngayon, buweno, ano’ng nagpapaging ganito sa inyo?”

⁹⁵ “Buweno, ang mga kapatid na *ito* ay nagbabautismo nang *paganito*. At ang mga *ito* ay nagbabautismo nang *paganito*, nakapaharap mula sa amin. At ang mga *ito* ay nagbabautismo . . .”

⁹⁶ Katulad doon sa Timog Africa, kapatid, nakatagpo kami niyan. Tinanong nila ako. Ang isang grupo ay nagbabautismo ng tatlong beses, na paharap. At ang isa pa ay nagbabautismo ng tatlong beses, na patalikod. At sinabi nila . . . sinabi ko, “Saan ninyo kinuha iyan?”

⁹⁷ Sinabi ng isa, “Nang mamatay Siya, sinabi ng Biblia na Siya ay napayukayok paharap,” at sinabi, “kung ganun dapat natin silang ipadapa.”

⁹⁸ At sinabi ko, “Buweno,” sa kabilang grupo, “ano ang . . . Paano naman kayo?”

Sabi, “Naglibing na ba kayo ng isang tao na nakadapa?”

⁹⁹ Buweno, at alam ba ninyo kung ano? Pinaghiwalay nila ang kanilang mga sarili at gumawa ng dalawang grupo, dalawang organisasyon. Oh, kahabagan, mga kapatid! Iyan ang talagang gusto ng Diablo. Iyan lamang ang gusto niya. Oo. Ilagay ang inyong sarili . . .

¹⁰⁰ Ngayon, kita n’yo, hindi ang Apostolic Faith Mission, o—o ni hindi ang Pentecostal Assemblies, sa kabilang panig. Hindi iyan. May mabubuting kalalakihan sa dalawang grupo, tulad ng mayroon dito. Nguni’t, nakita ninyo, ito’y ang sistema ng bagay na iyan.

¹⁰¹ Katulad lamang ito ng Katoliko, gaya ng madalas kong sabihin noon. Kung siya ay isang Katoliko, at umaasa kay Cristo para sa kaligtasan, siya ay ligtas. Siyanga, tama iyan. Kung siya ay umaasa sa iglesya, siya’y mapapahamak. At sino man sa inyong mga kapatid na pentecostal ay alam, kung tayo’y umaasa sa iglesyang Pentecostal upang iligtas tayo, “tayo’y, sa lahat ng tao, pinakakaawa-awa,” tama iyan, dahil tayo’y mapapahamak. Tama iyan.

¹⁰² Nguni't kung tayo ay nakatingin kay Jesus Cristo, kung ganun tayo'y ligtas, "sa iyong pananampalataya," (na, ano?) isang tapos nang gawa. At itong mga munting bagay na gumagawa, at mga tatak, ito'y walang gaanong kaibahan.

¹⁰³ Ngayon, sinabi ko kay Kapatid na Scism, kay . . . at Kapatid na Ness, "Upang sagutin ang inyong katanungan," sabi ko, "ngayon, hindi ako pumapanig sa sinoman sa inyo mga kapatid. At alam kong, hangga't kayo ay nagtatalo, kayo ay parehong mali. Kita n'yo? Dahil, mas gugustuhin ko pang mali sa aking doktrina, at tama sa aking puso, kaysa maging tama sa aking doktrina, at mali sa aking puso." Kita n'yo? Sinabi ko, "Ganun pa man, iyon ay ang kalagayan ng inyong puso."

¹⁰⁴ At ginawa kong isang kasanayan iyan, ang malaman ito: na, kung ang isang tao, maging anuman ang kaniyang ginagawa, at gaano man siyang di-sumasang-ayon, at ano man ang sabihin niya tungkol sa akin; kung sa aking puso, hindi mula sa isang tungkulin lamang, kundi mula sa puso ko ay hindi ko maibig ang taong iyan na gaya ng pag-ibig ko sa iba, kung ganun ay nalalaman kong may bagay na mali rito, kita n'yo. Tama iyan, dahil, ito'y—ito . . . kahit pa siya . . .

¹⁰⁵ Isang munting kapatid na lalaki ang dumating, hindi pa katagalan, isang munting kapatid na Church of Christ. At, oh, tumayo siya doon, at sinabi niya, "Ang lalaking ito ay isang diablo." Kita n'yo? Sinabi niya, "Nagsasabi siya patungkol sa Banal na Espiritu." Sinabi niya, "Walang anumang ganung bagay. Sila, buveno, ang labindalawang apostol lamang ang tumanggap ng Espiritu Santo. At—at ang Makalangit na pagpapagaling ay ibinigay lamang sa labindalawang apostol na iyon." At nagpatuloy pa, mga kalahating oras.

¹⁰⁶ At sinabi ko, "Sandali lamang, kapatid. Palagay ko ay dapat mo akong bigyan ng isang pagkakataon man lang para ipagtanggol Ito, kita mo." Sinabi ko, "Sinabi mo na nagsasalita ka kung saan nagsalita ang Biblia, at tahimik kung saan Ito ay tahimik."

At sinabi niya, "Ganoon nga kami."

¹⁰⁷ Sinabi ko, "Ngayon, sinabi mo na mayroon lamang labindalawang apostol ang tumanggap ng Espiritu Santo. Sinabi ng Biblia, 'Mayroong isang daan at dalawampu sa itaas na silid nang dumating ang Espiritu Santo, kababaihan at lahat.' At maaari mo bang sabihin sa akin, sa palagay mo ba hindi nakatanggap si Pablo ng Espiritu Santo? At tinanggap niya Ito matagal na panahon pagkatapos niyon, kita mo. At sinabi mo, 'Ang kaloob ng pagpapagaling ay ibinigay lamang sa labindalawang apostol.' At pumaroon si Esteban, pagkalipas ng ilang araw, at siya ay hindi kabilang sa labindalawa. Ni hindi siya mangangaral. Isa siyang diakono, at pumaroon sa Samaria at nagpalayas ng mga diablo." At sinabi ko, "Oh, kapatid!"

Napakatahimik nun mismo dito, oo, kung saan kailangan mong manahimik.

¹⁰⁸ At nang matapos iyon, “Nguni’t,” sinabi ko, “pinatatawad kita sa pagtawag mo sa akin ng diablo, dahil alam kong hindi mo gustong gawin iyon.”

¹⁰⁹ At pagkatapos nang siya ay matapos, lumapit siya. Sinabi niya, “May isang bagay akong masasabi. Taglay mo ang Espiritu ni Cristo.”

¹¹⁰ Sinabi ko, “Ngayon, kapatid, sa kanino ako, isang diablo o kay Cristo?” Kita n’yo? Kita n’yo?

¹¹¹ Nguni’t sinasabi ko sa inyo, kita n’yo, dahil ang isang tao, masasabi niya na iniibig ko siya; kahit na, siya ay hindi sumasang-ayon, at labis na di sumasang-ayon at nanunuligsa. Siya . . .

¹¹² Isa akong mangangaso, at nakasama ang mga mababangis na hayop, sa buong buhay ko. At sinabi ng mga tao, “Papaano . . .” Sa panahon na iyon nang kailangan kong patayin ang oso na iyon, sa pamamagitan ng kutsilyo, kita n’yo. Sabi, “Hindi ka ba natakot sa kaniya?”

¹¹³ Sinabi ko, “Hindi. Kung ako’y natakot sa kaniya, papatayin niya ako, kita n’yo.”

¹¹⁴ Nguni’t, kita n’yo, hindi ninyo maaaring—hindi kayo maaaring magpakunwari sa kanila. Alam nila kung kayo nga’y takot sa kanila, o hindi. Matakot kayo sa isang kabayo, at tingnan kung ano ang gagawin ng kabayo, dadambahin niya kayo. Kita n’yo? Kaya kung kayo’y takot . . . Hindi kayo makapagkukunwari rito. Dapat talaga kayong mayroon nito.

At ganiyan din naman kay Satanas.

¹¹⁵ Ganiyan din naman iyon sa mga tao. Dapat ngang mahal ninyo ang mga tao. Sadyang hindi ninyo maaaring dayain ito. Dapat kayong mayroon nito, o ang inyong kulay ay mahahayag kung saan, kita n’yo. Tama iyan. Dapat ay talagang iniibig ninyo ang mga tao, at alam nilang iniibig ninyo sila. Kita n’yo, may bagay tungkol doon.

¹¹⁶ At ’yung lalaki ngayon, tumawag sa aking asawa, ilang araw pa lang ang nakakaraan, at nagsabi, “Nariyan ba si Kapatid na Branham?”

Sabi, “Wala.”

¹¹⁷ Sabi, “Buweno, isang bagay ang nais kong sabihin. Hindi ako sumang-ayon sa kaniya, sa teolohiya, nguni’t masasabi kong siya’y isang lingkod ni Cristo.”

¹¹⁸ Buweno, tapos, at pagkatapos bago ako umalis, nagpadala siya ng sulat sa akin, at sinabi niya, “Darating ako, pagkabalik na pagkabalik mo. Gusto ko ang bautismo ng Espiritu Santo na iyan na sinasabi mo.”

¹¹⁹ Kaya, nakita ninyo, kung saan lamang kung magkakaroon kayo. . . Kung nagkaroon ako ng ganung damdamin, ng pagsasabing, “Aba, walang anumang kuwenta sa inyo. Ang luma ninyong denominasyon ay walang kabuluhan, at—at lahat kayong mga taong Church of Christ ay walang kabuluhan. Kayo’y walang kabuluhan. Kayo—kayo’y mga diablo.” Hindi ko sana kailanman naakay ang lalaking iyon. At kung sinabi ko sa kaniya na iniibig ko siya, at hindi iyon totoo sa puso ko, ay mas nalaman niya ang totoo. Ganun lang iyon. Dapat ninyong totohanin ito sa inyong puso.

¹²⁰ At ’yan ay sa mga gabi kapag ako ay umaakyat sa platapormang iyon, sa ilalim ng pagkilala, kita n’yo. Hindi ko iniisip ang tungkol dito. Hindi lamang ako kumakain, mula sa oras ng hapunan; at nag-aayuno at nananalangin, at nananatili sa silid. Dahil, ipinangako Niya sa akin na gagawin Niya iyon. At samakatuwid pumaparoon akong walang isa mang anino ng pag-aalinlangan, dahil ipinangako Niyang gagawin Niya iyon. Samakatuwid, kita n’yo, ang aking. . . Alam ko na ang motibo ko ay (ano?), ang layunin ko ay (ano?), para sa ikalalaganap ng Kaharian ng Dios.

¹²¹ Kung ang isang tao ay *pumaganito*, *paganiyan*, saan mang iglesya siya pumaparoon; hangga’t siya ay lumalapit kay Cristo, hindi iyon mahalaga sa akin. At iyan ay nasa puso ko. Kita n’yo? At kahit pa, kung paroroon tayo at umanib sa Church of Christ, iyan ay walang anuman. Iyan ay mainam. Kung siya. . . Anumang iglesya ang inaaniban niya, hindi mahalaga sa akin. Nguni’t hangga’t naakay ko ang kaniyang kaluluwa kay Cristo, ang mahalagang bagay.

¹²² Kaya sinabi ko, “Kapatid na Ness, hindi para di-sumang-ayon. . .” Ngayon ay aking. . . Maaari bang gamitin *ito*, kapatid? [Sinabing ng kapatid na lalaki, “Oo.”—Pat.] Sinabi ko, “Gusto kong sabihin at ipaliwanag.” At, dito, maaaring sabihin ko sa inyong mga kapatid dito. Ngayon, huwag banggitin ito sa inyong mga kongregasyon. Kung gagawin ninyo, at gawan ako ng pabor, hayaan—hayaan—hayaan lamang akong maging kapatid ninyo. Nakita ninyo? At ako, at kung—kung ako ay mali, kung ganun patawarin ninyo ako. Nguni’t gusto kong ipaliwanag sa inyo, yamang may dalawang grupong nakaupo dito ngayong umaga, na kapuwa ang Oneness at ang—ang Assemblies, din, at ang paniniwalang trinitaryan.

¹²³ Ngayon gusto kong sabihin ang pahayag na ito. Gusto kong sabihin na naniniwala ako na ang dalawang panig ay mali, hangga’t sila ay nagtatalo sa isa’t isa, dahil ang mga motibo nila ay mali. At hangga’t ang mga motibo ninyo ay mali; maging anuman ang layunin ninyo, nguni’t ang mga motibo ninyo sa layuning iyan ay mali, kung ganun iyon ay hindi kailanman makagagawa. Tama iyan.

124 Ngayon, sinabi ng ilang tao, “Kapatid na Branham, ikaw ay isang Jesus Only.” Gusto kong sabihin na iyan ay isang kamalian. Hindi ako isang Jesus Only.

125 May nagsabi, “Kapatid na Branham, ikaw ba ay isang trinitaryan?” Hindi, po. Hindi ako isang trinitaryan. Isa akong Cristiano. Kita n’yo? Ako—ako—ako’y hindi. . . Ang salitang trinitaryan ay ni hindi binanggit sa Biblia, ang salitang “trinity.” At hindi ako naniniwala na mayroong tatlong indibiduwal na mga Dios.

126 Naniniwala ako na may iisang Dios sa tatlong katungkulan; Ama, Anak, Espiritu Santo. Iyan mismo kung bakit tayo ay inutusang magbautismo sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo. Naniniwala ako na iyan ay ang Dios na nagpakababa, bumaba.

127 Ngayon, ang Dios, nang una Siyang nagpakita sa tao, Siya ay nasa anyong Haliging Apoy. Naniniwala kayo diyan, hindi ba? Ang. . . Sino mang nagbabasa ng Biblia ay nalalaman na ang Haliging Apoy na nasa ilang ay ang Logos, na iyon ay ang Anghel ng Tipan, na si Cristo.

128 Dahil, sinabi Niya. . . Siya ay. . . Hindi iyon. . . Naniniwala akong iyon ay sa San Juan 6 doon, sinabi Niya, “Bago pa si Abraham,” ng “AKO NGA.” Siya ang “AKO NGA.”

129 Kaya, iyon ang Dios, banal; maging kung ang isang tao ay mahipo ang bundok, dapat siyang patayin, kita n’yo. Buweno. Ngayon, ang siya ring Dios na iyan ay nagsisikap na ibalik ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang nilalang na Kaniyang nilikha. Ngayon, hindi Siya makalapit sa kanila, dahil sila ay makasalanan, at ang dugo ng mga kambing at tupa ay hindi kailanman nakapag-alis ng kasalanan. Alam natin iyan. Tinakpan lamang nito ang kasalanan.

130 Ngayon, nguni’t ganun pa man ang Dios ding iyan na siyang Haliging Apoy, Siya’y nagkatawang-tao, sa pamamagitan ng Kaniyang Anak, at nanahan sa isang katawan na tinawag na Panginoong Jesus Cristo. Sinabi ng Biblia, “Sa Kaniya nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Dios ayon sa laman.” At sinabi ni Jesus sa. . . Buweno, sa Unang Timoteo 3:16, “Walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan.” At kung natatawag nila itong dakila, aba, ano’ng gagawin natin, kita n’yo? “Dakila ang hiwaga ng Dios, sapagka’t ang Dios ay nahayag sa laman, at nakita ng mga anghel, at tinangggap sa Kaluwalhatian,” at iba pa. Ngayon, at sinabi Niya sa San Juan 14, kay Tomas, “Kapag nakita mo Ako, nakita mo na ang Ama. At bakit mo sinasabi, ‘Ipakita sa amin ang Ama?’” Sinabi ng Biblia, na, “Ang Dios ay nakay Cristo, ipinagkakasundo ang sanglibutan sa Kaniyang Sarili.”

131 Ngayon, ang Dios ay hindi maaaring maging tatlong persona, tatlong Dios. Ni si Jesus man ay magiging Sarili Niyang Ama, sa

iisa. Kita n'yo? Kaya, nakita ninyo, ginagawa nito na kapuwang lubusang mali.

¹³² Ngayon, at ngayon kung papansinin lamang ninyo, walang dako . . . Kung mayroon tayong tatlong Dios, tayo'y mga pagano. Ngayon, alam natin iyan.

¹³³ Katulad ng sinabi sa akin minsan ng isang Hudyo, nang ako ay nakikipag-usap sa kaniya, sabi, "Alin sa kanila ang Dios mo? Alin ang Dios mo; ang Ama, ang Anak, o ang Espiritu Santo? Alin ang sa iyo?"

At sinabi ko, "Aba, walang tatlong Dios."

¹³⁴ Sinabi niya, "Hindi ninyo maaaring hatiin—hatiin ang Dios sa tatlong piraso at ibigay Siya sa isang Hudyo."

Sinabi ko, "Hindi, po." Sinabi ko . . .

¹³⁵ Nang si John Rhyn ay napagalang sa pagkabulag, doon sa Fort Wayne, alam ninyo; at ang rabbi na ito dito sa may Mishawa- . . . o sa Fort . . . Benton Harbor. Sinabi niya, "Hindi ninyo maaaring hatiin ang Dios sa tatlong piraso at ibigay Siya sa isang Hudyo."

¹³⁶ Sinabi ko, "Totoong hindi. Hindi ko ginagawa." Sinabi ko, "Rabbi, mahirap ba para sa iyong paniwalaan ang mga propeta?"

Sinabi niya, "Hindi."

¹³⁷ Sinabi ko, "Sa Isaias 9:6, sino ang tinutukoy niya, 'Sa atin ay ipinanganak ang isang Bata, isang Anak na lalaki ay ibinigay, tatawaging Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Pangulo ng Kapayapaan?'"

Sabi niya, "Iyon ang Mesiyas."

Sinabi ko, "Kung ganun, rabbi, ano ang magiging relasyon ng Mesiyas sa Dios?"

Sinabi niya, "Siya ay magiging ang Dios."

¹³⁸ "Iyan ang naisip ko." Kita n'yo? Ngayon, nakita ninyo, iyan ay tamang-tama. Iyan nga Siya. At kaya sinabi ko, "Sabihin mo sa akin ngayon kung saan nabigong ganapin ni Jesus ang mismong sinabi ng propeta na gagawin Niya." At nagsimula siyang umiyak at lumakad sa palibot. Sinabi ko, "Sa pamamagitan Niyan, si John Rhyn ay nakakita." Kita n'yo?

At sinabi niya, "Malayo nawa sa Dios ang magkaroon ng anak!"

¹³⁹ Sinabi ko, "Ang dakilang Jehovah ay nililiman ang isang babae, gaya ng sinabi ng propeta na gagawin Niya, at lumalang ng isang selulang Dugo. At sa pamamagitan ng selulang Dugo na 'yan ay kung saan nanggaling ang katawan ni Cristo.

¹⁴⁰ "Tingnan mo, sa Lumang Tipan, Rabbi," sinabi ko, "kapag ang isang tao ay mag-aalay ng isang handog, kukuha siya ng

isang kordero. Alam niya na sinuway niya ang mga utos ng Dios, kaya kumuha siya ng isang kordero. Ipinahayag niya ang mga kasalanan niya, at ang korderong ito ay pinatay. Habang ang . . . mga kamay niya ay nakapatong sa kordero; ang pagpapahayag niya na nalalaman niyang dapat siyang mamatay para sa kaniyang kasalanan, nguni't kinukuha ng kordero ang kaniyang lugar. At ang selulang dugo ay bumuhos; at hinawakan niya ang munting kordero sa kaniyang kamay hanggang sa maramdaman niyang ang munting buhay nito ay mawala, at tumigas. Pagkatapos ang saserdote, mangyari pa, ihahagis ang dugo doon sa—doon sa apoy, ang tansong altar ng paghatol.”

¹⁴¹ Pagkatapos sinabi ko, “Ang taong iyon, kung ganun, lumabas siya doon, na nalalaman na ang kordero ay kinuha ang kaniyang lugar, nguni't lumisan siyang may ganun ding pagnanasang mayroon siya nang siya ay pumasok, kita n'yo, dahil hindi iyon makapag-aalis ng kasalanan. Kita n'yo? Nguni't, pagkatapos, ang kasong ito, ‘Ang mananamba yamang nalinis na minsan, ay hindi na nagkaroon pa ng budhi sa kasalanan.’ Doon, mayroong pag-aalay na ginagawa bawa't taon. Nguni't,” sinabi ko, “ngayon mayroon na sa panahong ito, ‘ang mananamba yamang nalinis na minsan, ay hindi na nagkaroon pa ng budhi sa kasalanan.’ Dahil . . .”

¹⁴² “Tingnan mo, Rabbi. Sa hemoglobin, ang munting buhay na iyan na nagsisimula sa selula, na ito ay mula sa kasariang lalaki, tungo sa babae. At naglalabas siya ng itlog; nguni't, ang isang inahin ay maaaring mangitlog, nguni't kung iyon ay hindi nakipisan sa lalaking ibon, iyon ay hindi mapipisa.”

¹⁴³ At sinabi ko, “Kung ganun ang Dios, ang pinakadakila na pumunô sa lahat ng panahon at kalawakan, ay naging isang munting punla sa sinapupunan ng isang babae.” At pagkatapos sinabi ko, “Kapag tayo ay iniligtas ngayon . . . Si Jesus ay hindi Hudyo o Gentil man, dahil ang itlog ay nagbunga lamang ng laman. Taglay ng Dugo ang Buhay. Kaya tayo—tayo ay . . . Sinabi ng Biblia, ‘Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng Dugo ng Dios.’ Kita n'yo, hindi Siya Hudyo o Gentil; Siya ay Dios. Samakatuwid, kapag tayo ay lumapit sa altar at ipinatong ang ating mga kamay, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa Kaniyang ulo, at maramdaman ang paghapak at paghihirap sa Kalbaryo, at ipahayag ang ating mga kasalanan, na tayo ay mali, at namatay Siya sa ating lugar!”

¹⁴⁴ “Kung ganun, nakita mo,” sinabi ko, “ang dugo ng korderong iyon ay hindi makababalik dito, ang dugo na . . . Ang selula ay nabuhos, at ang buhay na kumawala, sa pagkabuhos ng selulang dugong ito ng kordero, ay hindi makababalik sa mananamba, dahil iyon ay buhay ng isang hayop, at hindi iyon maaaring itapat sa buhay ng tao.”

145 “Nguni’t sa pagkakataong ito, nang ang selulang Dugo na iyan ay nabuhos, iyon ay hindi lamang isang tao. Iyon ang Buhay ng Dios, na pinakawalan. At kapag ang mananamba ay ipinapatong ang mga kamay niya, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa Anak ng Dios, at ipinahahayag ang mga kasalanan niya; hindi ang buhay ng isa pang tao, kundi ang Buhay ng Dios ay bumabalik sa taong ito, na siyang Buhay na Walang Hanggan. Ang salitang Zoe, na ang salin ay, ‘Sariling Buhay ng Dios.’ At sinabi Niya na bibigyan Niya tayo ng Zoe, Buhay na Walang Hanggan, at ngayon tayo ay mga anak na lalaki at anak na babae ng Dios. Hayan kayo.”

146 Sinabi ko, “Ngayon ano ito? Ito’y Dios, na nagpakababa. Dumating Siya, una; ‘walang taong makahipo sa Kaniya,’ dahil ang tao ay nagkasala. Pagkatapos ay bumaba Siya sa isang katawan, ‘upang danasin ang kasalanan. . . upang kunin ang kasalanan.’ Kita n’yo, Siya, ang tanging bagay na magagawa ng Dios, upang maging makatuwiran, ay ang gawin itong ganun.”

147 Halimbawa, ano kaya kung nasa akin ang kapangyarihan sa mga tagapakinig na ito ngayong umaga, tulad ng mayroon ang Dios sa sangkatauhan, at sinabi ko, “Ang unang taong tumingin sa poste na iyan, ay mamamatay,” at tumingin si Tommy Hicks diyan? Ngayon, halimbawa, kukunin ko si Carl-. . . “Kapatid na Carlson, mamatay ka para sa kaniya.” Iyan ay hindi makatuwiran. Sasabihin ko, “Leo, ikaw ang sekretaryo ko; mamatay ka para sa kaniya.” Iyan ay hindi makatuwiran. “Billy Paul, anak ko, mamatay ka para sa kaniya.” Iyan ay hindi makatuwiran. Ang tanging paraan na ako ay magiging makatuwiran, ay kunin ko mismo ang kaniyang lugar.

148 At iyan ang ginawa ng Dios. Siya, ang Dios, ay isang Espiritu. At Siya ay lumalang. . . Siya, Kaniyang binago ang Kaniyang anyo. Dapat itong makapukaw ng damdamin, sa mga tao, na isipin ang munting Jehovah. Maaari Siyang pumarito, na isa nang lalaking nasa hustong gulang, nguni’t pumaroon Siya sa isang sabsaban, doon sa bunton ng dumi. Ang munting Jehovah, umiiyak na tulad ng isang sanggol. Ang munting Jehovah, naglalarong tulad ng isang batang lalaki. Ang munting Jehovah, nagkakarpihero, tulad ng isang trabahador. Ang munting Jehovah, nasa pagkabinatilyo. Si Jehovah, nakabitin sa pagitan ng langit at lupa, na may mga laway ng mga nagsusukang lasing at dura ng mga kawal sa Kaniyang mukha. Si Jehovah, naghihingalo para sa Kaniyang mga anak. Si Jehovah, naghihingalo, upang tumubos; hindi ibang persona, kundi ang Dios Mismo! Kita n’yo, ang Dios, iyon ay katungkulan Niya. Bakit? Sinisikap Niyang makabalik sa puso ng mga tao.

149 Ngayon, hindi natin Siya mahipo, *Noon. Ngayon*, nadama natin Siya sa ating mga kamay. Ngayon ano’ng ginawa Niya, sa pamamagitan ng paghahandog ng katawang iyon? Siya’y naging Jehovah na *nasa* atin. Tayo ay mga bahagi Niya. Nang Araw ng

Pentecostes, pinagbaha-bahagi ng Haliging Apoy ang Sarili Nito mismo, at mga dilang Apoy ay dumapo sa bawa't isa, ipinapakita na binabaha-bahagi ng Dios ang Kaniyang Sarili sa gitna ng Kaniyang Iglesya.

¹⁵⁰ Kung ganun, mga kapatid, kung magagawa lamang nating magsama-sama, at pagsama-samahin Iyan! Kung ganun nasa atin si Jehovah sa kapuspusan, kapag tayo ay nagsama-sama. Nguni't papaano natin magagawa, kung ang isang *ito* ay nagsasalita sa mga wika at tinanggap ang bautismo, ang isang *ito*; at pagkatapos ay pinananatili *itong* dilang Apoy sa dako rito, at ang isang *ito*? Pagsama-samahin natin Ito.

¹⁵¹ Nang ang Dios, nang Araw ng Pentecostes, ay bumaba, at sinabi ng Biblia, “Mga Dilang Apoy ay dumapo sa bawa't isa sa kanila.” At sila. . . “Mga Dila, katulad ng isang Apoy,” mga dila. Iyon ay ang Haliging Apoy na pinaghihiwalay ang Sarili Nito at binabahagi ang Sarili Nito, sa mga tao, upang tayo ay maging magkakapatid. “Sa araw na iyon ay malalaman ninyo na Ako ay nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin; Ako ay nasa Akin, at kayo ay nasa Akin.” At, tayo, tayo ay iisa. Tayo ay iisa, hindi nagkakabaha-bahagi.

¹⁵² Ngayon, ang Dios na Jehovah, sa taas *Dito*, ay hindi magawang hipuin ang sangkatauhan, dahil sa Kaniyang Sariling kautusan ng kabanalan; ang Dios na Jehovah ay naging kasalanan para sa atin, at binayaran ang halaga; upang ang siya ring Dios na Jehovah ay makaparito at manahan sa *loob* natin. Ang Dios sa *itaas* natin; ang Dios na *kasama* natin; ang Dios na *nasa* atin. Hindi tatlong Dios; iisang Dios! Ang mga propesor ay nababaliw, sinisikap na unawain Ito. Ito'y—ito'y isang kapahayagan. Ito'y dapat na maipahayag sa inyo.

¹⁵³ Ngayon, ngayon, pagdating sa bautismo, ngayon, maraming mga tao. . . Ngayon, dapat ninyong gawin iyan, mga kapatid. O, ito'y tulad ng sinabi ko kay Kapatid na Scism at kay Kapatid na Ness, na kung inyong. . . Ang—ang argumento ay lumabas. At sinoman, marami sa inyong mga iskolar na narito ay higit na may kakayahan kaysa sa akin; nguni't nagawa ko na ang lubos na pag-aaral sa paksa. At nabasa ko na ang Pre-Nicene Fathers, ang Nicene Council, at lahat ng mga mananalaysay, at iba pa.

¹⁵⁴ Ang usaping iyan ay lumitaw sa Nicene Council. Ang dalawang panig ay napunta sa pagkabinihi; nang tanggapin ng iglesyang Katoliko ang sukdulang trinitaryan na panig, at ang isa pa ay napunta sa unitaryan, at ang dalawang panig ay lumabas. Tamang-tama, dahil ang mga tao ay may bagay na kinalaman dito.

¹⁵⁵ Dapat ninyong hayaan na ang Dios ang gumawa dito, hindi na natin kailangang pagsikapang unawain ito. Tayo'y maging magkakapatid. Magpatuloy lamang tayo at hayaang gawin ng Dios ang bagay na Kaniyang gagawin. Kung Siya ay

walang hanggan at nalalaman ang lahat ng mga bagay, at una nang sinabi ang katapusan mula sa pasimula, papaano tayo makagagawa ng anupamang bagay tungkol dito? Magpatuloy lamang. Ganiyan nga. Magpatuloy sa paghakbang, gaya ng sinabi ko kagabi, kasama ng ating dakilang Josue.

¹⁵⁶ Ngayon tingnan, kung may tatlong Dios . . . Gusto ko lamang na ipakita sa inyo kung gaano ito katawa-tawa. Kung may tatlong Dios, kung ganun si Jesus ay ang Sarili Niyang Ama . . . Si Jesus ay hindi maaaring maging Ama ang Kaniyang Sarili, sa pagiging iisa. At, kung may tatlo, Siya ay hindi ipinanganak sa isang birheng kapanganakan. Ngayon ilan ang . . . [Si Kapatid na Branham ay nagsasalarawan, na ginagamit ang tatlong bagay—Pat.] Sasabihin kong *ito* ay Dios Ama; at *ito* ay Dios Anak; at *ito* ay ang Dios Espiritu Santo.

¹⁵⁷ Ngayon, sa inyo na iba't ibang mga kapatid dito, masdan ninyo ito sandali at tingnan ninyo kung ano ang sinisikap kong ituro. Dalangin ko na itulot ng Dios na makita ninyo ito. Ngayon, tingnan, pareho kayong naniniwala sa iisang bagay, nguni't ang Diablo ay namagitan sa inyo at hinati kayo tungkol dito. Ito'y ganap na iisang bagay, at patutunayan ko ito sa inyo, sa tulong ng Dios, at sa Biblia ng Dios. Kung hindi ito ang Biblia, kung ganun ay huwag tanggapin ito. Tama iyan.

¹⁵⁸ Nguni't ngayon ay tingnan. [Si Kapatid na Branham ay nagsasalarawan, gumagamit ng tatlong bagay—Pat.] *Ito* ay (ano?) Dios Ama; *ito* ay Dios Anak; *ito* ay ang Dios Espiritu Santo. Buweno, ngayon, huminto tayo ngayon sandali, inilalapag ang tatlong iyon doon; Dios Ama, Anak, at Espiritu Santo.

¹⁵⁹ Oh, ako—wala na akong panahon para gawin ito. Ako . . . [Ang mga kapatid ay nagsasabi, “Magpatuloy ka lang! Magpatuloy ka lang!”—Pat.] Nguni't, kita n'yo, buweno, bibilisan ko ng kasing bilis ng magagawa ko. Patawarin ninyo ako, mga kapatid ko, nguni't ako—ako—hindi ko nagawang kausapin kayo, at ako—gusto kong gawin ito.

¹⁶⁰ At kung ganun, tingnan; ang Dios na Ama, na Anak, na Espiritu Santo. Ngayon, Sino ang Ama ni Jesus Cristo? Ang Dios ang siyang Ama ni Jesus Cristo. Naniniwala tayong lahat diyan. Tama ba iyan? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.] Mabuti.

¹⁶¹ Ngayon, kapag kinuha natin ang Mateo 28:19, nang sabihin ni Jesus, “Dahil dito magsiyaon nga kayo, gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, na inyong bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo.” Pagkalipas ng sampung araw, sinabi ni Pedro, “Magsisi, at magpabautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.” May tuwirang salungatan kung saan. Ngayon, huwag nating . . . mayroong . . .

¹⁶² Lahat ay nagpatotoo, at mga bagay-bagay. Narito. Narito ang paniniwala ko, at inilalahad ko lamang sa harapan ninyo,

mga kapatid. Hindi ko ito sinasabi doon sa mga pulpito; nasa sa inyo na iyon. Nguni't gusto kong ipakita sa inyo kung ano ang nakikita ko sa dalawang panig, upang ipahayag ito ng Banal na Espiritu sa inyo, kita n'yo.

¹⁶³ Ngayon, ang Mateo 28:19, at kung—kung ang Mateo 28:19 ay sumasalungat sa Mga Gawa 2:38, kung ganun ay may salungatan sa Biblia, at Ito'y hindi nararapat sa papel na kinasusulatan Nito.

¹⁶⁴ Ngayon kung mapapansin n'yo sa Mateo ang ika-16 na kabanata, ibinigay ni Jesus kay Pedro ang kapahayagan, at ibinigay sa kaniya ang mga susi.

¹⁶⁵ Ngayon, alalahanin, ang Biblia ay hindi ipinahayag sa pamamagitan ng teolohiya ng kung anong sistema na gawa ng tao. Ito'y hindi. Ito'y isang kapahayagan.

¹⁶⁶ Ito ay isang kapahayagan, sa simula pa. Bakit nakapaghandog si Abel sa Dios ng lalong mabuting hain kaysa kay Cain? “Naihayag iyon sa kaniya,” na iyon ay hindi mga milokoton, at mga mansanas, at mga orange, at mga mansanas. Kung magagawa ng mansanas na mapagtanto ng kababaihan na sila'y mga hubad, mas mabuting mamigay tayo ng mga mansanas muli, kapatid. Hindi ba sa palagay n'yo? Ngayon, iyan, iyan ay tila paglapastangan, nguni't hindi ko sinasadyang sabihin iyan. Nguni't, hindi iyon mga mansanas. Hindi, po. Ngayon, at kung ganun nga, kung ganun, “Naipahayag iyon kay Abel,” na siya ay dugo ng kaniyang ama. Kaya naghandog siya ng dugo, dahil iyon ay isang kapahayagan. Ang buong bagay ay naitatag diyan.

¹⁶⁷ Ngayon tingnan, narito ang isang matandang mangmang na mangingisda, ni walang sapat na edukasyon. . . Sinabi ng Biblia na siya ay mangmang at walang pinag-aralan. Nguni't siya ay nakatayo doon, at tinanong ni Jesus ang katanungan, “Ano ang sinasabi ninyo kung sino ang Anak ng tao?”

¹⁶⁸ Sinabi ng isa, “Aba, Ika'y—Ika'y si Moi-. . .” O, “Sila—sila ay nagsasabing, ‘Ikaw ay si Moises.’”

“Ano ang kanilang, ang sinasabi nila kung sino Ako?”

Ang sabi ng isa, “Aba, Ikaw ay si Jeremias o ang mga propeta, at *ito, iyan, o ang isa pa.*”

¹⁶⁹ Sinabi Niya, “Hindi iyan ang katanungan. Tinanong ko *kayo*. Ano ang sinasabi ninyo kung sino Ako?”

¹⁷⁰ At si Pedro ay nanindigan, at nagsabi, “Ikaw ang Anak ng Dios.”

¹⁷¹ At sinabi Niya, “Mapalad ka, Simon, anak ni Jonas.” Ngayon masdan. “Laman at dugo ay hindi ipinahayag ito sa iyo, kundi ng Aking Ama na nasa Langit.” Kita n'yo?

172 Ngayon masdan, ngayon, sinasabi ng iglesyang Katoliko na itinayo Niya ang Iglesya kay Pedro. Mali iyan.

173 Sinasabi ng iglesyang Protestante, “Itinayo Niya iyon sa Kaniyang Sarili.” Nguni’t ngayon masdan at alamin, tingnan kung iyon nga.

174 Itinayo Niya iyon sa ibabaw ng espirituwal na kapahayagan kung Sino Siya, kita n’yo, dahil sinabi Niya, “Mapalad ka, Simon, anak ni Jonas. Laman at dugo ay hindi ipinahayag ito sa iyo. Sinasabi Ko na ikaw ay Simon; sa ibabaw ng batong ito” (anong bato? ang kapahayagan) “ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban Dito.” [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito ng tatlong beses—Pat.]

175 Pagkatapos, nang si Pedro ay naroong nakatayo nang sinabi ang Mateo 28, at pumihit at, pagkalipas ng sampung araw, taglay ang kapahayagang iyon, at nagbautismo sa Pangalan ng “Panginoong Jesus Cristo.” Bakit niya ginawa iyon? Taglay ang kapahayagan ng Dios; at taglay ang mga susi sa Kaharian, kapatid.

176 Ngayon maaaring masaktan ko kayo sandali, isang panig ninyo, nguni’t huminto sandali. Walang isa mang dako sa Biblia kung saan sinomang tao ay nabautismuhan sa Pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Walang isa mang dako sa Mga Kasulatan. At kung mayroon man, ipakita ito. At kung may makikita kayo saan man sa sagradong kasaysayan, hanggang sa pagtatatag ng iglesyang Katoliko, gusto kong ipakita ninyo ito. Wala saan mang dako, ngayon, at iyan ay totoo.

Nguni’t ngayon maghintay sandali, kayong Oneness, saglit lamang.

177 Ngayon, walang dako kung saan. . . Kung ang sinoman ay maipapakita sa akin ang isang teksto ng Kasulatan kung saan ang seremonyang iyan ay ginamit sa Biblia, ng “Ama, Anak, Espiritu Santo,” kayo’y obligadong lumapit at sabihin sa akin kung saan ang sino man ay nabautismuhan ng ganiyan.

178 At sinasabi ng ilan sa kanila, “Buveno, tatanggapin ko kung ano ang sinabi ni Jesus, hindi kung ano ang sinabi ni Pedro.” Kung sila’y magkasalungat, sa isa’t isa, ano ang gagawin natin? Kung lahat ito ay hindi sa Dios, anong bahagi ng Biblia ang tama?

179 Lahat ng ito ay kailangang magkasundo at magkasama-sama, at tanging ang kapahayagan ng Dios. Ang ating mga paaralan ay hindi ito kailanman ituturo. Ito’y isang kapahayagan, na dapat ninyong makita Ito.

180 Kung ganun, kung silang dalawang lalaki ay salungat, sa isa’t isa, kung ganun anong uri ng Biblia ang binabasa natin? Papaano ko malalaman kung ang Juan 14 ay tama, o hindi?

Papaano ko malalaman kung ang Juan 3 ay tama, o hindi? Papaano, papaano, papaano ko malalaman? Kita n'yo?

¹⁸¹ Nguni't ang tanging paraan na magkakaroon ako ng pananampalataya sa Dios, ay ang malaman na ang Bibliang iyan ay tama, at paniwalaan na Ito'y tama, at manatili mismo Dito. Bagama't hindi ko nauunawaan Ito, itinataas ko Ito, pa rin.

¹⁸² Nguni't kapag ang mga pagsasalungatang ito ay lumilitaw, kung ganun ay pumaparoon ako sa harapan ng Dios, upang alamin. At ang siya ring Anghel na kumakatagpo sa akin sa pagtitipon, at sa gabi, ay ang Siya rin Na nagturo sa akin Nito. Kita n'yo? Ngayon tingnan kung ito nga, kung paano ito ngayon.

¹⁸³ Ngayon, Mateo 28:19, masdan natin panandali lamang ngayon. At ngayon kukunin ko ang Mga Gawa 2:38 dito mismo, kung saan sinabi ni Pedro, "Ang Panginoong Jesus Cristo." At sinabi ni Mateo, "Ama, Anak, Espiritu Santo."

¹⁸⁴ Ngayon makinig. Sinabi Niya, "Bautismuhan sila . . ." Hindi "sa pangalan ng Ama, sa pangalan ng Anak, sa pangalan ng Espiritu Santo." Hindi niya kailanman sinabi iyan. Walang "pangalan . . . sa pangalan . . . sa pangalan."

¹⁸⁵ Hindi niya kailanman sinabi, "Bautismuhan sila sa *mga pangalan* ng Ama, Anak, at Espiritu Santo," dahil iyon ay hindi man lang makatwiran.

¹⁸⁶ Sinabi Niya, "Bautismuhan sila sa Pangalan (P-a-n-g-a-l-a-n) ng Ama, Anak, at Espiritu Santo." Tama ba iyan? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] ". . . ng Ama, Anak, at Espiritu Santo," ang pangatnig, "at, at, at."

¹⁸⁷ Hindi "mga pangalan." Hindi "sa pangalan ng Ama, pangalan ng Anak, pangalan ng Espiritu Santo." Hindi, "sa *mga pangalan* ng Ama, Anak, at Espiritu Santo." Kundi, "sa Pangalan," P-a-n-g-a-l-a-n, isahan, "ng Ama, Anak, at Espiritu Santo." Ngayon, alin sa kanila ang tamang pangalan na dapat ibautismo? Iyon ay isang Pangalan. Alin ang pangalan? Ang "Ama" ba ang tamang pangalan, o ang "Anak" ba ang tamang pangalan, o ang "Espiritu Santo" ba ang tamang pangalan?

¹⁸⁸ Iyon ay isang "Pangalan," kung saan. Tama ba iyan? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Buweno, ngayon gusto ko kayong tanungin ng isang bagay, kung ganun. Kung ang "Pangalan," kung ganun, kung sinabi ni Jesus, "bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu . . ." Ilan ang naniniwala na sinabi ni Jesus iyan? ["Amen."] Iyan ang Kasulatan. Ito'y Mateo 28:19, "Sa Pangalan ng Ama, Anak . . ."

¹⁸⁹ [Nakakita si Kapatid na Branham ng isang paggambala—Pat.] May bagay ba na tayo . . . Hindi, ito'y, akala ko . . . Sige, ginoo. [Isang kapatid na lalaki ay nagsasabi, "Ipagpaumanhin mo, Kapatid na Branham?"] Oo. ["Gusto kong

baligtarin ang teyp na ito, at ayaw kong mapalampas ito.”] Sige. [Blangkong bahagi sa teyp.] . . . ? . . .

¹⁹⁰ Ngayon, “sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo.” Ngayon makinig, mga kapatid. Walang ganoong bagay na pangalan ng “Ama,” dahil ang *Ama* ay hindi pangalan. Ito’y isang titulo. Walang ganoong bagay na pangalan ng “Anak,” dahil ang *Anak* ay isang titulo. Walang ganoong bagay na pangalan ng “Espiritu Santo.” Iyan ay kung ano Siya.

¹⁹¹ Sinasabi ko iyan sa isang pang-ministrong agahan isang umaga, at isang babae. . . Wala sa kaayusan, siyempre, sinumang mang-aabala, anumang bagay na tulad niyan. Sinabi niya, “Sandali lang! Hinihingi ko ang pagpapaumanhin mo!” Sabi, “ang Espiritu Santo ay isang pangalan.”

¹⁹² Sinabi ko, “Iyan ay kung ano Ito. Isa akong tao, nguni’t ang pangalan ko ay hindi ‘Tao.’”

¹⁹³ Ito ay ang Espiritu Santo. Iyan ay hindi pangalan. Iyan ay kung ano nga Ito. Ito’y isang pangngalan, siyempre, nguni’t ito ay hindi isang. . . Ito’y isang—ito’y isang. . . Ito’y hindi isang pangalan.

¹⁹⁴ Ngayon, kung sinabi Niya, “Bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo,” at ni ang Ama, Anak, o Espiritu Santo ay hindi isang pangalan, kung ganun ano ang Pangalan? Gusto nating malaman.

¹⁹⁵ Ngayon, makukuha nating lahat ito sa isang dako rito, kung inyo lamang mamasdan at—at—at mag-ukol ng kaunting panahon ngayon, o magtipid ng kaunting panahon, ang ibig kong sabihin. Ngayon pansinin ang Mateo 28:19. Ngayon, hindi ko sinasabi na. . .

¹⁹⁶ Maaari ninyong, maaaring nagawa na ninyo ito, ilan sa inyo mga kapatid na babae o mga kapatid na lalaki. Maaaring nakakuha kayo ng isang aklat, isang araw, at tiningnan ang likuran nito, at ang sabi, “Sina Juan at Maria ay namuhay nang maligaya pagkatapos.” Buweno, sino si Juan at si Maria? Ano iyon, sino si Juan at si Maria na namuhay nang maligaya pagkatapos? Mayroon lamang isang paraan upang malaman nga ninyo kung sino si Juan at si Maria; na, kung iyon ay isang palaisipan sa inyo, bumalik at basahin ang aklat. Tama ba iyan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Balikan ang simula at basahin itong lahat, at sasabihin nito sa inyo kung sino si Juan at si Maria.

¹⁹⁷ Buweno, kung sinabi ni Jesus, si Jesus Cristo ang Anak ng Dios, na nagsabi, “Dahil dito magsiyaon nga kayo, gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, na bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo,” at kahit *Ama*, *Anak*, o *Espiritu Santo* ay hindi isang pangalan. Kung ganun, kung ito’y isang palaisipan, mas maiging bumalik tayo sa simula ng Aklat.

198 Ngayon magtungo tayo sa unang kabanata ng Mateo, at magsisimula tayo doon, isinasaysay ang saling-lahi, hanggang sa dumating sa ika-18 na talata.

199 Ngayon masdan, ngayon masdan sandali lamang. [Nagsasalاران si Kapatid na Branham, na gumagamit ng tatlong bagay—Pat.] *Ito* ay Ama, sa kanang bahagi ko; *ito* sa gitna ay Anak; at *ito* ay ang Espiritu Santo. Ngayon, *ito* ay ang Ama ni Jesus Cristo. Tama ba iyan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”] Ang Dios ang Ama ni Jesus Cristo. Naniniwala tayong lahat diyang? [“Amen.”] Mabuti.

200 Ngayon sinabi ng Mateo 1:18:

Ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo ay ganito: Nang . . . si Maria na kaniyang ina ay mag-aasawa kay Jose, bago siya . . . sila magsama, ay nasumpungang siya’y nagdadalang-tao sa . . .

201 [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Espiritu Santo.”—Pat.] Akala ko ba ang *Dios* ang Kaniyang Ama.

At siya’y manganganak ng isang lalaki, . . . ang pangalang itatawag nila sa kaniya’y JESUS: . . .

At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa’y lalaking matuwid, . . . ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, kundi nagpasayang hiwalayan siya ng lihim.

Sa ganito, samantalang pinagiisip niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita sa kaniya sa panaginip, na nagsasabi, Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka’t ang kaniyang dinadalang-tao ay sa . . .

202 [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Espiritu Santo.”—Pat.] Akala ko ba ang Dios ang Kaniyang Ama. Ngayon, mayroon ba Siyang dalawang ama, mga kapatid? [“Hindi.”] Hindi Siya maaaring magkaroon. Kung Siya nga, Siya ay isang anak na bastardo, at anong uri ng relihiyon mayroon tayo riyang? Dapat ninyong tanggapin na ang Dios Ama at ang Espiritu Santo ay ang iisang Espiritu. Totoo, Ito nga. Totoo, Ito’y ang siya ring Espiritu. Ngayon, natapos tayo, at nakita iyan.

At siya’y manganganak ng isang lalaki, at ang pangalang itatawag nila sa kaniya’y JESUS: sapagka’t ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kaniyang kasalanan.

. . . nangyari nga ang lahat ng ito, upang maganap . . .

203 Inuulit ko ang Kasulatan. Kayong mga ministro ay alam, sa pagpapatuloy ko.

. . . upang maganap . . . sinalita ng propeta, ng Panginoon, na sinasabi,

...ang dalaga'y magdadalang-tao, at...
*manganganak ng isang sanggol, at ang pangalang
 itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel, na kung
 liliwanagin,...*

204 [Si Kapatid na Branham ay huminto sandali. Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Sumasa atin ang Dios."—Pat.] "Sumasa atin ang Dios!" Tama ba iyan? ["Amen."]

205 Kung ganun ano ang Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo? [Isang kapatid na lalaki ay nagsasabi, "Jesus Cristo."—Pat.] Buweno, siyanga. Iyan ang dahilan na si Pedro ay binautismuhan sila sa Pangalan ni "Jesus Cristo."

206 Nguni't, hindi mahalaga sa akin, kung kayo'y nabautismuhan sa pangalan ng Rosa ng Saron, Lila ng Libis, ang Tala sa Umaga, iyan ay mga titulo, rin. Kung ang puso ninyo ay matuwid sa Dios, nalalaman Niya ang puso ninyo.

207 Nguni't ngayon, ngayon, ipinahayag ko iyan. Ngayon, ngayon sinabi ko... Ngayon sinabi ni Kapatid na Scism, "Ngayon!" Siyempre, totoo, iyan ay parang katulad ng Oneness, kaya tama siya diyan.

208 Ngayon sinabi ko, "Ngayon heto gusto kong sabihin sa inyo ang isang bagay ngayon." Kita n'yo? Sinabi ko, "Ngayon gusto kong patunayan sa inyo na ang mga ito, ang dalawang lalaki, ay sinabi ang parehong bagay."

209 Ngayon, sinabi ni Mateo, "Sa pangalan ng Ama." Tama ba iyan? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mabuti. At sinabi ni Pedro, "Sa Pangalan ng Panginoon." Sinabi sa Mateo 28:19, "Sa Pangalan ng Ama," at Mga Gawa 2:38 ay sinabi, "Sa Pangalan ng Panginoon." Sinabi ni David, "Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon." Sino Iyon? Ama at Panginoon ay iisang Ngalan. Sinabi ni David, "Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, 'Maupo Ka sa Aking kanang kamay.'" Kita n'yo, "Sa Pangalan ng Ama; sa Pangalan ng Panginoon."

210 At sinabi ni Mateo, "Sa Pangalan ng Anak," at sinabi ni Pedro, "Sa Pangalan ni Jesus." Sino ang Anak? Jesus.

211 "Sa Pangalan ng Espiritu Santo," ay kay Mateo; at sinabi ni Pedro, "Sa Pangalan ni Cristo," ang Logos.

212 *Ama, Anak, Espiritu Santo*, "Panginoong Jesus Cristo." Aba, ito ay sadyang tumpak na tumpak. Kita n'yo?

213 Sinabi sa akin ni Kapatid na Scism. Si Kapatid na Scism, ang kapatid na Oneness, sinabi niya, "Kapatid na Branham, tama iyan, nguni't," sabi niya, "iyan ay *ito*."

214 Sinabi ko, "Kung gayun, ito ay *iyon*." Tama iyan. Kita n'yo? Sinabi ko, "Kung iyan ay *ito*, ito ay *iyon*. Kung ganun ano ang pinagatalunan ninyo?"

215 Sinabi ko, “Hayaan ninyong magpayo ako sa inyo, mga kapatid. Kung magbabautismo man ako ng isang tao, narito kung ano ang . . .”

216 Sinabi ko, “Ngayon, narito si Dr. Ness.” At may nagsabi, kanina, kayo mga kapatid, na kilala ninyo si Dr. Ness.

217 Buweno, sasabihin ko, narito, si Kapatid na Hicks dito, mayroon siyang isang . . . Palagay ko mayroon kang Digri ng pagka-Doktor. Tama ba iyan? Buweno.

218 Ngayon sinabi ko, “Kung si Dr. Ness, na nakaupo rito . . .” Ngayon sinabi ko, “Kung gusto kong . . .” Ngayon, kapag dinala ko ang isang tao sa tubig, upang bautismuhan sila, kinikilala ko ito na katulad lamang ng ginawa niya, sinabi ko, “Iyan ay mga titulo na tumutungo sa Kaniyang Pangalan.”

219 Sinabi ko, “Ngayon, ang mga kapatid na Assembly ay ginagamit ang mga titulo, at ang kapatid na Oneness ay ginagamit ang Pangalan.” Sinabi ko, “Ngayon patutunayan ko sa inyo, kayong dalawa ay mali, at ako ay tama.” Alam ninyo kung papaano ninyo kailangan na . . . Mayroon kang mga lalaki na nasa ilalim ng kabigatan na ganiyan, kailangan mong magkaroon ng kaunting pagpapatawa paminsan-minsan, upang para bang lumuwag-luwag nang kaunti. Kaya sinabi ko, “Patutunayan ko sa inyo na kayong dalawa ay mali, at ako ang tama.”

220 Sinabi ko, “Ngayon ano kaya kung gusto kong igalang si Kapatid na Ness, sasabihin kong . . .”

221 O, o si Kapatid na Hicks dito, kita n’yo. Sasabihin kong, “Hicks!” Ngayon, iyan ba ay magandang pakinggan? Hindi. Buweno, ano kaya kung sasabihin kong, “Doktor! Hoy, Dok! Ano na ngayon?” Ngayon, iyan ay walang galang na pakinggan, hindi ba?

222 “Kapag,” sinabi ko, “ganiyan ang ginagawa ninyong mga Assemblies, kita n’yo. Kapag sinabi ninyong mga kapatid na Assembly, ‘Sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, ng Espiritu Santo,’ sinasabi lamang ninyong, ‘sa pangalan ng kagalang-galang, na doktor.’”

223 At sinabi ko, “Pagkatapos, kayong mga kapatid na Oneness, kapag kayo ay nagbautismo, sinasabi ninyong, ‘Jesus!’” Hindi nila ginagamit . . .

224 Sila, mga Jesus Only, ay ginagamit lamang ang pangalang “Jesus.” Sadyang maraming mga Jesus. Nguni’t, Iyon ay ang Panginoong Jesus Cristo, nakita ninyo. Mayroong maraming . . . Nagbabautismo sa pangalan ni “Jesus,” hindi talaga ako sumasang-ayon diyan; walang Kasulatan. Kunin ninyo ang orihinal, tingnan kung ito ay hindi “Panginoong Jesus Cristo.” Totoo, Siya ang Panginoong Jesus Cristo. Maraming mga Jesus, totoo. At ang *Cristo* ay ang “Pinahiran.”

225 Sinabi ko, “Ngayon, kung sasabihin ko ang ganun ding bagay kay Kapatid na Ness. Sasabihin kong, tama bang pakinggan na sabihin kong, ‘Hoy, Ness!’?” Sinabi ko, “Ganiyan ninyong mga Oneness sinasabi ito. Kita n’yo? Hindi ba iyan ay magiging pagwawalang-galang para sa taong iyan na nag-aral, at mayroon siyang Digri ng pagka-Doktor? Kung siya ay nag-aral na maigi para diyan, dapat siyang tawagin na ganun.”

226 At sinabi ko, “Kung ganun kung sinabi kong, ‘Hoy, Dok!’” Sinabi ko, “Hindi ba iyan deretsahang pakinggan, para sa isang ministrong tawagin ang isa pa?” O, sinabi ko, “Sadyang ganiyan ninyo ginagawa ito, ang panig lamang ng titulo.”

227 Nguni’t sinabi ko, “Kapag dinadala ko ang isang tao sa tubig; lumalapit ako doon at tinatanong siya, at nangungusap, at kinukuha ang pangalan niya at maging sino man siya, at ang pananampalataya niya.”

228 “Pagkatapos ay nananalangin ako, at sinasabi, ‘Ngayon, Ama, gaya ng pagkakautos Mo sa amin na “humayo sa buong sanglibutan at gawing mga alagad ang lahat ng mga bansa, . . .”’” Kayong mga kapatid ay nalalaman na iyan ang orihinal, kita n’yo. “. . . gawing mga alagad ang lahat ng mga bansa, na bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo; na turuan sila na ganapin ang lahat ng bagay na Iyong . . . lahat ng mga bagay na Iyong itinuro sa amin.”’”

229 “Kaya pagkatapos ay sinabi ko, ‘Sa pagpapahayag mo ng pananampalataya; sa pagpapahayag mo ng iyong mga kasalanan, at ng iyong pananampalataya sa Anak ng Dios, ay binabautismuhan kita, mahal kong kapatid, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.’”

230 Sinabi ko, “Ganiyan ang pamamaraan ng pagbautismo ko. Kinikilala ko kapuwa ang mga titulo Niya, kung ano Siya, kapuwa Ama, Anak, at Espiritu Santo. At ang dahilan na sinabi ni Jesus iyan, ay . . .”

231 Ngayon tingnan. Kung—kung iyan ay hindi ganun, mayroon kayong salungatan sa inyong Kasulatan; mayroon kayong salungatan. At ano ang gagawin ninyo kapag . . . Ano kaya kung ang kapatid na Buddhist na ito ay magtitindig at sabihin na, “Ano naman *ito*?” Ano ang sasabihin nila kapag sinabi nila sa akin . . .

232 Sa dako roon, nang ang kapatid na ito na Indian ay hinamon si Morris Reedhead, at sinabi sa kaniya, sabi, “Ano naman ang Marcos 16?” Kinailangan niyang umiwas dito.

233 Hindi kayo kailangang umiwas sa anumang bagay. Iyan ay Salita ng Dios. Manatili Dito. Manalangin lamang. Kunin ang kapahayagan. Lahat ng ito ay pareho ang tinatahak.

234 Kita n’yo, kapuwa pareho na ang sinasabi nila, ngayon; hindi mga titulo; hindi walang pagturing. Sinabi ko, “Ngayon . . .”

²³⁵ Nakilala ko Siya. Siya ang Ama; hindi iba pang Dios. Siya ang Anak; hindi iba pang Dios. Ang siya ring Dios! Kayo. . . Ito'y tatlong mga katungkulan. Ang Dios sa kapanahunan ng Pagka-Ama, kung gusto ninyong tawagin ito, sa Pagka-Ama; ang Pagka-Anak; at ito'y siya ring Dios na nasa atin ngayon, "Ako'y sasainyo." Ang "Ako," ang panghalip panao, "Ako'y sasainyo." Kaya, nakita n'yo, ito'y tatlong katungkulan, hindi tatlong Dios.

Ngayon, kapatid, kung hindi ito ginamit kailanman ng mga alagad, at hanggang sa. . .

²³⁶ Wala akong sinasabing laban dito. Iyan ay walang anuman. Sinasabi ko sa inyo, kung ang isang tao ay lumabas rito, nabautismuhan sa pangalan ng "Rosa ng Saron, ng Lila ng Libis, at Tala sa Umaga," at nanampalataya kay Jesus Cristo bilang Tagapagligtas niya; sasabihin ko, "Pagpalain ka ng Dios, kapatid! Sumama ka, magpatuloy tayo!" Kita n'yo? Tama iyan. Dahil, kung ang puso ninyo ay hindi tama, kayo'y hindi tama, kahit papaano. Talagang tama. At ang inyong—inyong puso ay dapat na maging tama.

²³⁷ At sinabi ko, "Ngayon tingnan. Ngayon, kung babatiin ko si Kapatid na Ness dito, sasabihin ko 'ang Rev. Dr. Ness.' Iyan ay tama. Siya ay isang ministro. Dapat siyang ituring bilang isang kagalang-galang. Nakapag-aral siya, at maraming napag-aralan. Mayroon siyang Digri ng pagka-Doktor, kaya dapat siyang tawaging 'doktor.' Iyan ay titulo niya, kita n'yo. At ang pangalan niya ay 'Ness,' ganun man. Ngayon, hindi ko sasabihing, 'Hoy, Ness! Hoy, Dok!' Hindi, iyan ay hindi magiging tama. Sasabihin ko, 'Ang Rev. Dr. Ness.'"

²³⁸ "Kita n'yo, iyan ang itinatawag ko, kita n'yo, kung ano Siya; kapuwa Ama, Anak, at Espiritu Santo, 'ang Panginoong Jesus Cristo.'" Kita n'yo?

²³⁹ At sinabi ko, "Kung magbabautismo man ako ng isa mula sa lahat ng mga iglesya ninyo, sa ganiyang paraan ko sila babautismuhan." Sinabi ko, "Tatanggapin mo ba siya, Kapatid na Ness?"

²⁴⁰ Sinabi niya, "Oo. Siya'y nabautismuhan sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo."

Sinabi ko, "Tatanggapin mo ba siya, Kapatid na Scism?" Sinabi niya, "Oo, siya'y nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus."

²⁴¹ Sinabi ko, "Kung ganun ano'ng nangyayari sa inyo, mga kapatid? Bakit hindi ninyo tanggapin iyan, at gibain ang mga pader na ito kung saan nakukulang ang mga kawawang mga taong ito. Gusto ng Oneness na, sa totoo lang, ang mga kongregasyon, gusto nilang sumamba na kasama ang mga Assemblies. At ang mga Assemblies, ang kongregasyon, gustong sumamba na kasama ang mga Oneness. At ganiyan ang mga magkakapatid. Sila ay ganiyan. Nguni't hangga't magagawang pag-awayin sila ng Diablo. . ."

²⁴² Ngayon nakita ninyo ang ibig kong sabihin, mga kapatid? Ipinagdidiinan ko ang isang bagay na iyan, si Jesus Cristo, at ang pagkakaisa ng Katawan ni Jesus Cristo. Iyan ay kung ano ang layunin ko. [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.]

²⁴³ Ngayon, hindi ko sinasabi ang tungkol sa, “Hoy, hindi ka nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus; mapupunta ka sa impiyerno.” Ngayon, iyan ay hindi makabuluhan.

²⁴⁴ Sasabihin ko sa inyo kung ano ang nangyari noong isang araw. Nasa Texas ako noon. Bago umalis... At ang—ang mga kapatid dito ay mga saksi nito. Ang iglesyang Oneness, pitumpu’t dalawang iglesya, ay itinaguyod ang pagtitipon ko. At inatasan ko si Kapatid na Petty, ang kapatid na Assembly of God, na umakyat sa plataporma nang gabing iyon. Ngayon, alam ninyo na iyon ay totoo. Siya’y isang minamahal na kapatid, si Kapatid na Petty, kung mayroon sa inyo na nakakikilala sa kaniya, taga-Beaumont, Texas. Siya’y isa sa pinakamabuting taong nakilala ko. Ang kaniyang asawa ay isang kumbertidong Katoliko, isang totoong banal na babae. Siya’y totoong tao ng Dios.

²⁴⁵ Sabihin n’yo sa akin kung sino ang mas bubuti na tao kaysa kay Roy Wead, ng Assemblies of God. Bumanggit ng sino man sa mga kalalaking ito, tumingin dito, lahat ng mga kapatid na lalaking ito na kilala ko sa paligid dito. Ang kapatid mula sa iglesyang Philadelphia dito, at ang mga lalaking Assemblies of God, at sino ang mga taong mas iinam pa? Sabihin sa akin kung saan. Sabihin sa akin kung sino ang mas bubuti pang tao kay Jack Moore? Sabihin sa akin iyan. Siya’y isang tinatawag nila na... Sila’y kabilang sa kanila. Siya’y hindi isang radikal. Makakakita kayo ng radikal sa dalawang panig; at diyan tumuturo ang mga tao, at diyan tumuturo ang Diablo.

²⁴⁶ Nguni’t silang lahat ay mga tao ng Dios. Ibinigay sa kanila ng Dios ang Espiritu Santo. Kung hindi dahil sa biyaya ng Dios, lahat tayo ay mapapahamak, sa ating mga pagtatalo at mga bagay-bagay. Iyan ay talagang tama. Nguni’t ang biyaya ng Dios ay tinatalian tayong sama-sama. Hindi kataka-takang nakakaawit tayo ng, “Blest be the tie that binds our hearts in Christian love.” Iyan ang kailangan natin, kung ganun.

²⁴⁷ At kaya alam ba ninyo kung ano? Ang Pangkalahatang Tagapangasiwa doon sa—sa iglesya, ay tinawagan ako, at sinabi niya, “Alam mo ba kung ano ang ginawa mo kagabi?” Ang ikalawang gabi ko doon.

Sabi ko, “Ano?” Sabi ko, “Nagkaroon ng kahanga-hangang pagtitipon.”

Sabi, “Naglagay ka ng isang taong makasalanan sa pulpito mo.”

Sabi ko, “Hindi ko alam iyon.” Nasaan...

Sabi, “Ang G. Petty na iyon.”

248 “Oh,” sabi ko, “isang makasalanan? Ano?” Sabi ko, “Siya’y isang mangangaral na Assembly of God, kapatid.”

249 Sabi niya, “Oo, nguni’t siya ay makasalanan pa rin, dahil hindi pa siya nabautismuhan nang tama.”

250 At sabi ko, “Kapatid, maaari bang sabihin mo sa akin kung bakit.” Sabi ko, “Natanggap niya ang Espiritu Santo.”

251 Sabi niya, “Kapatid na Branham, ano ang sinabi ni Pedro? ‘Magsisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan.’ Samakatuwid ang mga kasalanan mo ay hindi mapapatawad hanggang sa ikaw ay mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus.”

Sabi ko, “Iyan ba ang pormula, kapatid ko?”

Sabi niya, “Iyan ang pormula.”

252 Sabi ko, “Ganap na sinira ng Dios ang Sarili Niyang plano kung ganun, sa Mga Gawa 10:49, sapagka’t, ‘Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng Salita,’ kita n’yo, at hindi pa sila nangabautismuhan, man lang. Kung ganun, ibinibigay ng Dios ang Espiritu Santo sa mga taong ni hindi pa kumbertido?” Sabi ko, “Saan sa sanglibutan ka tumatayo ngayon?”

253 Sabi niya, “Alam mo ba ang gagawin namin?” Sabi, “Kami’y gagawa ng isang maliit na bilog, at ipapalabas ka sa bilog namin.”

254 “Kung ganun,” sabi ko, “gagawa ako ng isa pa, at hihilahin ko kayo pabalik muli.” Sinabi ko, “Hindi ninyo ako maipapalabas, dahil mahal ko kayo. Kita n’yo, sadyang hindi ninyo magagawa ito.” Sabi ko, “Mayroong napakarami sa inyong—inyong mga kapatid doon ang nagmamahal sa akin at naniniwala sa akin.” Sabi ko, “Kayo, ako’y—ako’y. . . Sila’y lalapit, pa rin.” Sabi ko, “Sila’y lalapit. At hindi ninyo ako maipapalabas. Kung inyo akong ipapalabas, hihilahin ko kayo pabalik.” Sabi ko, “Kapag gumawa kayo ng isang bilog; ang Dios, sa Kaniyang biyaya, ay pahihintulutan akong gumawa ng isa pa at hihilahin kayo pabalik muli.” Tama iyan, hilahin sila pabalik muli.

255 At, kapatid, oh, sa Pangalan ni Cristo ay pahintulutan akong sabihin ito. Ako—mayroon akong. . . Alam kong tumatagal ako rito; at ito’y halos oras na para magtapos, palagay ko, nguni’t hayaang sabihin ko lamang ito, kita n’yo.

256 At sinabi ko sa lalaking iyon, sabi ko, “Sasama ako sa inyo hangga’t ipapangaral ninyo ang Mga Kasulatan, at mayroong pag-ibig, at maniwala na—na. . . at mangaral at magsabing nagbautismo kayo ng mga tao. . . hindi sa pangalan ni ‘Jesus,’ Jesus lamang. Hindi, po. Ako—tunay na hindi ako sasang-ayon

diyan, dahil may kakilala akong ilang mga Jesus; kilala ko sila sa Africa at sa iba't ibang mga lugar, mga taong nagngangalang Jesus. Nguni't kung gagamitin ninyo ang terminong ating 'Panginoong Jesus Cristo,' sasang-ayon ako sa inyo diyan. Iyan ay mabuti. Sasama ako sa inyo. Palagay ko dapat ninyong ilagay ang 'Ama, Anak, at Espiritu Santo' muna, kita n'yo, upang makuha ito nang tama." Sabi ko, "Palagay ko ay dapat ninyong ilagay 'yun."

Nguni't sinabi niya, "Oh, hindi, hindi! Iyan, iyan ay pabalik sa trinidad."

Sinabi ko, "Ito ay hindi isang trinidad. Ito'y isang Dios sa tatlong katungkulan."

²⁵⁷ Ito ay hindi isang trinidad, tatlong Dios. Wala tayong tatlong Dios. Totoong wala. Walang ganung bagay. Hindi itinuro sa Biblia. At may iisang Dios lamang. "Dinggin mo, O Israel, Ako ang Panginoon mong Dios." Isang Dios! Unang utos, "Huwag kang magkakaroon ng ibang dios liban sa Akin." Totoo, Siya ay isang Dios, hindi tatlo.

²⁵⁸ Iyan ay isang bersyon ng Katoliko; at ito ay nadala mula sa Katoliko tungo sa Lutheran, at nagpatuloy, at iba pa, at ito'y pangkalahatang pinaniniwalaan sa gitna ng mga tao ngayon na mayroon tayong tatlong Dios.

²⁵⁹ At diyan ay kung saan hinding-hindi n'yo...Ang Ebanghelyong ito ay hindi kailanman paroroon sa mga Hudyo...Na, aking iprinopesiya noong isang umaga sa isang misyonaryong Hudyo doon. Hindi ninyo kailanman madadala ang isang trinidad na Dios sa isang Hudyo. Hindi ninyo kailanman gagawin iyan. Na, hindi niya tatanggapin; higit ang kaalaman niya kaysa riyan. Kita n'yo, higit pa ang nalalaman niya tungkol sa Biblia kaysa riyan. Nguni't hindi Siya kailanman isang tatlong Dios, sa isang—sa isang Hudyo. Kung ipaaalam ninyo sa kaniya na Ito'y ang siya ring Jehovah, tatanggapin niya ito ngayon mismo. Tiyak! Iyan nga ito, kita n'yo.

²⁶⁰ At pinaniniwalaan kong lahat ito. Gaya ng sinabi ni Jose, "Mga kapatid, huwag kayong magalit sa inyong sarili, dahil ginawa ito ng Dios," nakita ninyo. Sapagka't—sapagka't ang bagay na...Upang ito ay makapaghintay hanggang sa panahong ito, iyan lang, dahil ang kapanahunan nating Gentil ay halos tapos na. Ngayon, pinaniniwalaan ko iyan nang buong puso natin. Kaya nakikita ninyo, mga kapatid ko? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sinisikap kong ipagdiinan ang isang bagay, na, ang grupong ito ng mga tao, ng mga kalalakihan na may bautismo ng Espiritu Santo.

²⁶¹ Ang grupo ni Aimee McPherson, ano'ng ginawa niya? Siya ay isang Oneness noong una, naniniwala ako; pagkatapos ay lumabas at naging Assembly; pagkatapos ay humiwalay at

nagtatag sa kaniyang sarili ng iba; dito hindi pa katagalan, nagtayo ng isang maliit na grupo, isang maliit na bagay.

262 Ako ay nakaupo noon sa pagtitipon ni O. L. Jagers. Ngayon, kilala nating lahat si O. L. Jagers. Ang kaniyang—kaniyang ama ay tumulong na itatag ang General Council of the Assemblies of God. Ngayon, si O. L. ay isang kilalang tao. Siya’y isang kilalang mangangaral. Sinabi ko sa kaniya, hindi pa katagalan, sabi ko, “Kapatid na Jagers, kung makakapangaral ako na tulad ng ginagawa mo, ni hindi ko na kailangang magkaroon ng gawaing pagpapagaling.” Nguni’t mayroon siya niyaong lahat ng dugo at alak, at bagay-bagay, nang siya ay unang magpasimula doon.

263 Pagpaumanhinan ako, kung nasasaktan ko ang damdamin ninyo, mga kapatid, diyan. Ako—ako. . . Iyan ay walang anuman. Magagawa ng Dios na magpalabas ng dugo, magpalabas ng alak, o magpalabas ng langis, anuman ang gustuhin Niya, nguni’t iyan ay hindi makapagpapatawad ng mga kasalanan. Hindi, po. Hindi, po. Hindi, talaga. “Ang Dugo ni Jesus Cristo ay hindi kailanman mawawala ang kapangyarihan Nito, hanggang sa lahat ng tinubos na Iglesya ng Dios ay maligtas, upang hindi na kailanman magkasala pa.”

264 Sabi ko, “Kapatid na Jagers?” Dinala ko siya; tinawagan ko siya. At kasama ko noon ang mga Christian Business Men. At sinabi ko, sabi ko, “Kapatid na O. L.?”

265 Sinabi niya, “Saang lupalop ka naroroon?” Naroon ako sa isang maliit na mumurahing motel doon. At sinabi niya, “Ibig mong sabihin sa akin inilagay ka nila dito?”

266 Sabi ko, “Iyan ang gusto ko. Nang pumaroon ako sa iyo,” sabi ko, “anong ginawa mo? Inilagay mo ako doon sa Statler Hotel, at ako lamang ay kinailangang tumayo sa sulok. Pinaupo nila ako sa may lamesa; hindi ko alam kung aling kutsilyo ang gagamitin, o wala ng ano pa man. At hindi ko. . . Naglakad-lakad ako doon, nang walang amerikanang suot, gusto nila akong paalisin.” At sinabi ko, “Ako—hindi ko alam kung papaano ko iayos ang sarili ko.”

Sabi, “Dadalhin kita roon, kung sila’y masyadong mahirap para magawa iyon.”

267 Sabi ko, “Hindi, po.” Sabi ko, “Ang gusto kong gawin ay kumain ng steak kasama mo, kung babayaran mo iyon.”

At sinabi niya, “Sige.”

268 Kaya sa ganun nagpunta kami sa isang lugar, at naupo kami. At sinabi ko, “Kapatid na Jagers, totoong hinahangaan ko ang iyong. . .”

269 At siya’y totoong isang mahal na kaibigan sa akin, isang minamahal na kapatid. At ako—nasa akin ang kaniyang maliit na polyeto, at siya. . . kung saan naroon ang babaing iyon na kapaparito lamang mula sa ibang bansa, na mayroon niyong

dugo sa kaniyang mga kamay, at mga bagay-bagay. Kaya nasa akin iyon rito. Gusto ko lamang na ipagkaila niya iyon minsan, at sa ganun ay hawak ko iyon mismo sa kaniyang—sa kaniyang babasahin, alam n'yo na.

270 Sabi ko, “Napansin ko kung saan ka pumaparoon, nagkakaroon, magpapasimula ng isang malaking rebaybal.” Dahil, dinala ako ng Business Men doon, siyempre.

271 Para malaman ng mga tao. Kung magagawang maghayag ng Banal na Espiritu sa plataporma, hindi ba Niya masasabi sa akin kung ano ang nangyayari sa mga lugar, mga kapatid? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

272 Masasabi ko sa inyo, salita sa salita, at patunayan ito sa pamamagitan ni Kapatid na Carlson, at nitong kapatid *dito*. Naupo ako sa pagtitipon, kahapon, at sinabi sa mga kapatid na ito kung ano'ng magaganap dito ngayong umaga. [Isang kapatid na lalaki ay nagsasabi, “Siyanga, po.”—Pat.] Tama iyan. Talagang tama. [“Amen.”] Kita n'yo? Dahil, ginising ako ng Banal na Espiritu, at sinabi, “Tumayo ka sa may bintana.” Tumingin ako, sa bintana, at ipinakita Niya sa akin mismo *ito*. Sinabi ko, “Ngayon, mga kapatid. . .” [Isang kapatid na lalaki ay nagsasabi, “Tama iyan.”] Ipinakita ko ito sa iyo, tamang-tama. Hayan! Kita n'yo?

Aba, dapat nilang malaman ito.

273 Dito hindi pa katagalan, isang lalaki ang tumayo, dito sa may Chatauqua, at nagsabi, “Si Kapatid na Branham ay isang propeta.” Hindi ko inaangking propeta ako. Kita n'yo? Nguni't sinabi niya, “Si Kapatid na Branham ay isang propeta kapag siya'y nasa ilalim ng Espiritu ng pagkilala, nguni't,” sabi, “oh, ang Doktrina niya ay lason. Maging maingat Dito.” Naisip ko, na ang isang edukadong lalaki, magsasabi ng bagay na ganiyan?

274 Ano ang ibig sabihin ng *isang propeta*? “Isang Banal na tagapagpaliwanag ng Salita.” “Ang Salita ng Panginoon ay dumating sa propeta,” nakita ninyo. Nguni't, iyan lang, iyan ay ni hindi rito o sabi.

275 Nguni't, ganoon pa man, si Kapatid na Jagers. At sinabi ko, sabi niya, oh. . . Sabi ko, “Nakita ko ang tungkol sa babaing iyon na may dugong iyon sa kaniyang kamay.”

276 “Oh,” sabi niya, “Kapatid na Branham, iyan ang pinakapambihirang kailanma'y nakita mo!”

277 Sabi ko, “Kapatid na Jagers, mahal kita. Una, gusto kong ilagay mo ang kamay ko sa kamay mo. Sabihin nating magkapatid tayo.”

Sabi niya, “Sige. Ano'ng problema?”

278 Sabi ko, “Isa ka sa mga pinakamakapangyarihang mangangaral na kilala ko. Anong—anong napakahalagang instrumento ka ng Dios!”

279 Sabi niya, “Salamat sa iyo, Kapatid na Branham. Ika’y totoong mapagpakumbaba.”

280 Sinabi ko, “Hindi ko sinasabi iyan para maging mapagpakumbaba. Sinasabi ko iyan dahil naniniwala ako dito. Ikaw ay lingkod ng Dios.” Nguni’t sinabi ko, “Kapatid na Jagers, malibang ikaw. . . Ika’y—ika’y labis na nalilihis; wala kang panimbang sa sinasabi mo. Ibinabatay mo. . .”

281 At heto ang nangyayari sa marami sa inyong mga Assemblies of God, at iba pang kalalakihan, sa mga gawaing ito ng pagpapagaling. Hindi ko kayo sinisisi. May napakaraming tinatawag na. . . At si Tommy, dito, ay isang mabuting kapatid, at alam natin kung gaano siyang katatag naninindigan. Nguni’t napakarami sa lupain ngayon sa ilalim ng ngalan ng Makalangit na pagpapagaling, hindi kataka-takang ayaw ninyong magtaguyod ng isang pagtitipon sa siyudad. Darating sila at pineperahan ang mga tao, at aalis. At ano ang nakuha nila? Huwag magpahayag sa mga tao ng higit pa kaysa sa ginagawa ninyo sa plataporma, mula sa inyong sariling pulpito. At kayo’y tama, mga kapatid. Sinasabi ko sa inyo, kayo’y tama. Nguni’t ito ay tulad lamang sa. . .

282 Binabasa ko noon ang kasaysayan ni Martin Luther. Ang sabi nito, “Hindi isang hiwaga na si Martin Luther ay nagawang makapagprotesta sa iglesyang Katoliko, at malampasan ito.” Nabasa ninyo ang kaniyang kasaysayan. “Kundi dahil si Martin Luther ay nagagawang itaas ang kaniyang ulo sa lahat ng panatisismo na sumunod sa kaniyang rebaybal, hayan ang hiwaga.”

283 At nang ang kababalaghan ay nagawa, ang mga di-tuli ay nagsisunod, katulad lamang ng nangyari sa Egipto. At ito’y lagi nang nagdudulot ng problema doon sa lupain. Alam natin iyan, nang lumabas tayo roon. Na, nagpatindig kay Core, at kinailangang sirain iyon ng Dios. Nguni’t, mga kapatid, hindi ko kayo sinisisi.

284 Si Kapatid na Jagers ay naupo roon at sinikap na sabihin sa akin na iyon ay ang Espiritu Santo na gumagawa niyon. At sinabi. . . At pagkatapos ay mayroon akong, sa sarili niyang babasahin. . . Sinabi ko, “Kapatid na Jagers, ngayon,” sabi ko, “ako ay isang ikapitong grado na mag-aaral. At ikaw ay isang Doktor ng Dibinidad, at nag-aral upang maging isang abogado. Pinalaki ka sa isang malinis, disenteng iglesya, ang Assemblies of God. Ang tatay mo ay tumulong sa pagtatag sa pananampalatayang iyan. At ikaw ay humihiwalay, iyan ay nasa sa iyo.” Nguni’t sinabi ko, “Iyan ay nasa kanino mang tao, na gustong gawin iyan. Hindi ako gumagawa ng anumang guhit doon. Nguni’t pagdating sa isang lugar na ang isang instrumentong katulad mo, na makapagwawagi ng libo-libong mga kaluluwa para kay Cristo, ay itatayo ang iyong ministryo

sa isang sensasyon.” Sinabi ko, “Kapatid na Jagers, magtatayo ka ng isang haligi na tulad *niyan*, kung wala kang panimbang para diyan, ito’y babagsak pagkatapos ng sandaling panahon. At dapat kang magkaroon ng Kasulatan para sa sinasabi mo.”

Sinabi niya, “Mayroong Kasulatan.”

Sinabi ko, “Ipakita mo iyon.”

²⁸⁵ Sinabi niya, “Buweno, Kapatid na Branham,” sabi, “iyon ay ang Espiritu Santo na gumagawa niyon.”

²⁸⁶ Sinabi ko, “Ipakita mo sa akin ang Kasulatan kung saan sinasabi Nito, ang Espiritu Santo ay nagpalabas nga ng dugo mula sa kung sinoman, at iba pa, tulad niyan. Ipakita lamang ito; tumulo ang langis mula sa kanila. Sinabi mo, ‘Ang langis na iyon ay para sa Makalangit na pagpapagaling.’ At sinabi mo, ‘Ang dugo ng babaing iyon ang magiging kaligtasan ng mga bansa.’” Sinabi ko, “Kung iyan ay ganun, kung ganun ano ang nangyari sa Dugo ni Jesus Cristo? Inaalís nito. At ang anumang bagay na laban Dito, ay kontra. Ito’y laban Dito.” Sinabi ko, “Ito ay nagiging isang doktrina ng anticristo.”

“Oh,” sinabi niya, “Kapatid na Branham, matututo ka rin balang araw.”

²⁸⁷ Sinabi ko, “Umaasa ako na hindi ako kailanman matuto ng tulad niyan. Ngayon, kapatid,” sabi ko, “mahal kita, at ikaw ay kapatid ko.” At sinabi ko, “Kapatid na Jagers, hahantong ka sa isang pagkasukol, pagkatapos ng sandaling panahon, na hindi ka na makauurong pa. Bumalik ka sa iyong iglesya, at bumalik at manatili sa Ebanghelyo.” At sinabi ko, “Huwag mong itatag ito sa mga sensasyon.” Sinabi ko, “Ang . . .”

²⁸⁸ Ngayon mayroon siyang, siya’y nagbabautismo para sa Buhay na Walang-hanggan, alam n’yo na, “Sa tuwing magbabautismo ka, bumabalik ka sa isang kabataang babae o lalaki. Ngayon iyan ay magiging . . . Hindi na kayo (kailanman) mamamatay.” Kaya, iyan, ito, siya’y nasa dulo na ng pagkasukol ngayon mismo; at yaong “mga tableta ng bitamina na mula sa Dead Sea.” Nakita ninyo? Nguni’t ganiyan nga iyon, kapatid, nagsisimula ka sa mga munting sensasyon na iyon.

²⁸⁹ At kayong mga kalalakhian dito na may mga iglesyang ito, pahintulutan ninyo ang katulad niyan na pumarito sa siyudad, at, alam n’yo, ang Diablo ay tuso, at siya—siya ay sumasakay sa mga bagay na iyon na tulad niyan. Siya ay nakikipagtalò rito. At kaniyang—kaniyang nagagawang mayamutin ang mga tao, at nagdudulot siya ng mga kaguluhan sa loob ng iglesya, at mga bagay-bagay. Nguni’t iyan ay hindi ganun.

²⁹⁰ Ngayon, narito. Kahit pa gaano man kayo kawasto, narito ang isang bagay na ating ikinabibigo at nakakaligtaan, mga kapatid ko. Ngayon magtatapos na ako, sa pagsasabi nito. Gaano man ako kawasto, at gaano man ako kaayon sa Kasulatan, at

gaano man karami ang nalalaman ko tungkol sa Biblia ng Dios; kung wala sa akin ang Espiritu ng Dios, ng pag-ibig, sa puso ko, para sa buong sangkatauhan at lahat na, kung ganun ay mali ako sa simula pa lang.

²⁹¹ Ngayon, sinabi ni Pablo, sa Unang Corinto 13, “Bagaman mayroon akong kaalaman, kita n’yo, at nauunawaan ang lahat ng mga hiwaga ng Dios, kita n’yo; sa ilalim ng lahat, naninindigan; at walang pag-ibig, ako’y walang kabuluhan. At bagaman magsalita ako sa wika ng mga tao at mga anghel,” iyan yaong mga ipinangungusap n’yo sa Dios, at laging mga hindi maaaring maipaliwanag. “Bagaman magsalita ako sa mga wika, totoong mga wika ng mga tao at mga anghel, at walang pag-ibig, pagmamahal, ay walang pakikinabangin sa akin.” Kaya kung nalalaman ko ang lahat ng mga hiwaga ng Dios, at magagawang iladlad sila at—at magawa silang lahat na mapag-ugnay-ugnay, at wala akong pag-ibig, anong buti ang magagawa nito? At kapag ako . . .

²⁹² Sinabi ni Jesus, “Dito makikilala ng lahat ng mga tao na kayo’y Aking mga alagad, kung mayroon kayong . . .” kapag ang mga Assemblies ay mayroong pag-ibig para sa mga Oneness, at ang Oneness ay mayroong pag-ibig para sa mga Assemblies, “kapag kayo’y mayroong pag-ibig, sa isa’t-isa,” maging tama man o mali. At hangga’t ang layunin ay mali, ang motibo ay mali, pala, kung ganun ay mali kayo sa simula pa man. Hindi ba’t tama iyan? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.] Kita n’yo, “Bagaman magsalita ako ng mga wika ng mga tao at mga anghel, at walang pag-ibig, ako’y wala pa ring kabuluhan.” Dahil, ang Dios ay pag-ibig. Alam natin iyan.

²⁹³ At naniniwala ako sa pagsasalita sa iba’t ibang wika. Ngayon, may nagsabi, “Si Kapatid na Branham ay hindi naniniwala sa panimulang ebidensya.” Gusto kong linawin iyan sa inyo ngayon. Kita n’yo? Gusto kong sabihin sa inyo.

²⁹⁴ Naniniwala ako na kapag tinanggap ng isang tao si Cristo, tumanggap siya ng bahagi ng Banal na Espiritu. Dahil, sinabi ni Jesus, sa Mateo sa—sa ika-12 kabanata, ng ika-5 kabanata at dalawampung- . . . sa ika-24 na talata, sinabi Niya. Hindi, naniniwala ako ito’y sa San Juan 5:24. Sinabi Niya, “Siya na dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang-hanggan.” Ngayon, mayroon lamang iisang anyo ng Buhay na Walang-hanggan. “At hindi mapapasok sa paghatol; kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.”

²⁹⁵ Ngayon, naniniwala ako na walang tao ang makatatawag sa kaniyang sarili; kailangan siyang tawagin ng Dios. At kung totoong tinawag siya ng Dios . . . At mayroong napakaraming tao, alam natin, mga kapatid, na nagpupumilit at nag-aakala na tinawag siya ng Dios, nguni’t ang kanilang buhay sa hindi

katagalan...masusumpungan, malalaman ninyo ito. Nguni't kung tinawag kayo ng Dios, aba, kayo'y, hahantong kayo roon, at kayo'y mananatili doon, kita n'yo, alam n'yo. At pagkatapos kung... Ngayon, iyan ay hindi doktrina ng Baptist. Alam ninyo iyan, kita n'yo.

²⁹⁶ Nguni't, hindi ako naniniwala sa pakikipagkamay at pagkakaroon ng Walang-hanggang seguridad, at lahat ng bagay na iyan. Ako—hindi ako naniniwala diyan, talagang hindi. Kung gusto nilang paniwalaan iyan, buweno, iyan ay walang anuman. Sasabihin ko pa rin na mga kapatid ko sila.

²⁹⁷ Ngayong umaga, kung hihingi ako ng isang pirasong pie, (na halos pananghalian na), maaaring gusto ko ng cherry, at maaaring piliin ninyo ang apple, nguni't tayo kapuwa ay kumakain ng pie. Kita n'yo? Kaya ito ay walang anumang... hangga't tayo ay kumakain ng pie.

²⁹⁸ Ganiyan natin pinaniniwalaan. Kung gusto ninyong maging Oneness, maging Oneness; kung gusto ninyong maging Assembly of God, maging Assembly of God. Kung gusto ninyong maging anuman kayo, Baptist, Presbyterian, maging isang Cristiano roon. Kita n'yo?

²⁹⁹ At—at saliksikin ito sa inyong sarili, nguni't huwag magtalutalo sa isa't isa. Dahil, ang mga maliliit na bagay na ito, silang lahat ay nag-uugnay-ugnay nang sama-sama. Tama iyan. Silang lahat ay nag-uugnay-ugnay nang sama-sama at hahantong sa isang lugar na iyan.

³⁰⁰ At—at maging anuman ang gawin natin, gaano man karami ang mga himalang magagawa natin, gaano man karaming mga bundok ang maililipat natin, o maging anuman ito; hanggang sa tayo ay humantong sa isang lugar na iniibig natin, hindi pakunwari, kundi iniibig natin ang isa't isa. Kapag iniibig natin ang bawa't kapatid, maging anumang iglesya ang kinabibilangan niya, mahal natin siya; hindi lamang nagpapakunwaring mahal natin, dahil alam natin na ito'y isang relihiyosong kaisipan, ito'y, "Nararapat nating gawin ito." Kundi, dahil ginagawa natin ito, iniibig natin ang isa't isa; kung ganun, mahahaba ang pagtitiis, nagbabataan sa isa't isa.

³⁰¹ At naniniwala ako, sa Colosas 3, mga 9, banda roon kung saan... Maaari akong, ako—hindi ako... Maaaring mali ako sa Kasulatan, nguni't sinabi Nito ito. Pagkatapos nating maging isang Cristiano, hindi tayo dapat mainggit. Kita n'yo? Hindi tayo maaaring magkaroon ng pananampalataya kapag tayo ay nagsisikap na magtangi o magparangal sa isa't isa. Kita n'yo, hindi natin magagawa iyan; hindi tayo maaaring magkaroon ng pananampalataya. Dapat nating parangalan ang Dios, kita n'yo, parangalan Siya. Maniwala sa mga kapatid ko, totoo, ay pag-ibig; nguni't ang paggalang at karangalan ay ibinabalik sa Dios! Pagdating sa... Nguni't magkaroon ng tiwala at kumpiyansa

sa isa't isa. "At huwag magsinungaling sa isa't isa." Kita n'yo? "Huwag magsinungaling sa isa't isa." Kung sasabihin ko sa inyo sa umagang ito, "Mahal ko kayo," dapat kong totohanin iyan. Kung iyon ay hindi totoo, isa akong mapagpaimbabaw. Iyan ay tamang-tama.

³⁰² Ngayon, mga kapatid, sa hanay na ito . . . Ngayon, Kapatid na Tommy, umaasa ako na hindi ako gaanong tumagal dito. Ako . . . Si Kapatid na Tommy ay mayroong sasabihin mamayamaya lamang. Nguni't maaaring sabihin ko ito, nang ako ay pumunta sa gitna ninyo . . .

³⁰³ Naniniwala ako dito. Naniniwala ako na ang Dios na ating Ama ay nililiman ang isang birhen na tinawag na Maria, at lumikha sa loob niya ng isang selulang Dugo na nagluwal kay Jesus Cristo, na siyang Anak ng Dios, ang tabernakulo na pinagtabingan ng Dios ng Kaniyang sarili, sa laman, ipinahayag ang Kaniyang Sarili sa gitna natin. "Ang Dios ay nakay Cristo, ipinagkakasundo ang sanglibutan sa Kaniyang Sarili." Ako ay naniniwala na ang selulang Dugo na iyon ay nabubo sa Kalbaryo, para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. At ang Espiritu ay lumabas sa Kaniya't nagbalik sa Iglesia, dahil, ang Cristo, ang Banal na Espiritu; ang Cristo, ang Logos, ay nasa sa atin ngayon, ang Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng bautismo. Ginagawa tayong . . . Binaha-bahagi ni Cristo ang Kaniyang Sarili, ibinibigay ang Kaniyang Buhay sa bawa't isa sa atin, upang tayo, bilang isang grupo ng mga tao, ay maging ang Iglesia ng Dios. At hindi pa katagalan . . .

³⁰⁴ Dati akong nangangabayo. Alam ninyo iyan. Ang tatay ko ay isang mangangabayo, napakagaling. Dati akong nangangabayo. Ipinastol namin ang—ang . . . sa Arapaho Valley, o ibig kong sabihin ang Troublesome River, sa dako roon ng Arapaho Range. Ang Hereford Association ay nagpapastol sa lambak na iyon. At sa lambak na iyon, ang mga rantsero, sila—napakarami nilang damo na kanilang mapapatubo. At kapag ang isang rantso ay makakaipon ng kasing dami ng isang toneladang dayami, makakapagpastol kayo ng baka sa—sa pastulan, sa ibaba ng Estes Park doon, at maaari kayong makapagpastol ng baka doon sa mga pa- . . . Ang malawak na lupain kong pinangangasuhan, sa dako roon. At ako'y nag-rantso doon ng isang taon. Nagpupunta pa rin ako, tuwing Tagsibol at Taglagas, kapag ako'y libre at makagagawa, at sumasamang mangabayo sa pagtitipon sa mga baka, para lamang makaparoon doon, 'pagka't gustong-gusto kong mangabayo. At lahat pataas-at-pababa ng ran- . . . ng lambak na iyon, mayroong lupon ng mga rantsero na may karapatan dito, at upang panginainin ang kanilang mga bakahan. At sa panahon ng Tagsibol, maraming beses, na tinulungan ko silang tipunin ang mga baka at dalhin sila doon.

³⁰⁵ At may bakod na iisa ang direksyon, kung saan hindi sila maaaring makapasok pabalik sa pribadong lote, pababa sa

buong pastulan. Hanggang . . . At ang tagapastol ay tumatayo doon at binibilang ang mga baka na iyon kapag ito'y pumapasok, kapag ang mga ito ay pumapasok. At ako'y naupo na, sa maraming mga araw, oras-oras; pinagmasdan ang mga baka ni G. Grimes na pumapasok, sa kaniya ang Diamond Bar; ang sa amin ay ang Turkey Track; at sa kanila naroon ang—ang Tripod sa ibaba lamang namin; at ang kay Jeffrey, at iba pa. Pagkatapos kapag ipinatong ko ang aking paa, gaya ng alam ng marami sa inyo, pakabila sa sungay ng siya, at maupo roon at masdan ang tagapastol na iyan habang siya ay nakatayo doon, binibilang ang mga bakahang ito.

³⁰⁶ Napansin ko ang isang bagay. Hindi niya gaanong binibigyang-pansin ang marka na nasa baka. Nguni't mayroong isang bagay na totoong hinahanap niya, iyon ay ang tanda ng dugo. Iyon ay dapat na isang purong lahi ng Hereford o iyon ay hindi makakapasok sa loob ng bakod na iyon, nguni't ang marka ay hindi gaanong mahalaga.

³⁰⁷ At palagay ko ganiyan ang mangyayari sa Paghatol. Hindi Niya titingnan ang ating marka, kundi Kaniyang titingnan ang tatak ng Dugo.

³⁰⁸ Nagawa ko ang mga pagkakamali ko, mga kapatid, at nakagawa ako ng napakaraming bagay na mali. At kung anumang pagkakataon sa pagpapatuloy ay nakapagdala ako, o nakarinig kayo ng isang bagay na maaaring naipahayag ko o nasabi, na nagbigay ng anumang katitisan, o kung nakapagsabi ako ng isang bagay ngayong umaga na nagbigay ng katitisan, hinihiling ko sa inyo, bilang isang Cristianong kapatid na lalaki o kapatid na babae, patawarin n'yo ako. Hindi ko sinasadyang gawin iyon. Ipinahayag ko lamang sa inyo ang puso ko, upang malaman natin.

³⁰⁹ Kung mayroong anumang pagbabautismo na gaganapin, kayong mga kapatid ang magsagawa niyon, kayo mismo, kita n'yo. Iyan ay, ako—hindi ko ginagawa. Kung kinakailangan, sa ganiyang paraan ako magbabautismo, 'yung katulad niyan. At sinuman sa inyo ay maaaring tanggapin ito, kita n'yo. Kaya maaari ninyong kunin ang tao, sila'y nabautismuhan sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, at sila'y nabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, rin naman. Kaya kung magbabautismo man ako ng isa . . . nguni't hindi ko pa nagawa ito. Ako ay nagbabautismo lamang sa sarili kong iglesya, at iyan ay ang mga tao lamang doon. At sa ganung paraan na ang mga tao sa aking iglesya ay nabautismuhan. At kung inyong babalikan, iyan ang ritwal ng sinaunang Misyon, ang dating Missionary Baptist na ritwal. At ngayon kung . . . Iyon na 'yun.

³¹⁰ Ako ay naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling. Ako ay naniniwala sa bautismo ng Espiritu Santo. Ako ay naniniwala

sa—sa pagsasalita sa mga wika sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ako ay naniniwala sa bawa't kaloob na ibinigay ng Dios sa Kaniyang Iglesya. Ako'y sang-ayon sa mga iyan, isang daang porsiyento. Nguni't naniniwala ako . . .

³¹¹ Hindi ako nakikibahagi sa lahat nito rito na super-duper na pagpapagaling na mayroon tayo ngayon sa paligid. Gusto ko lamang magbigay ng pahayag rito. Minsan noon may isang kapatid na lalaki . . . At iyon ay hindi ang mahal kong Kapatid na Tommy Hicks, na itinuturing ko bilang isang totoong lingkod ni Cristo. May isa pang lalaki sa ibang bansa, at sa bansa ito ay may isang . . . Siya'y sadyang, sa lahat ng panahon, "Super-duper na tagapagpagaling ang Dios! Super-duper na tagapagpagaling," alam n'yo na, tulad niyan.

³¹² At ako ay nakatanggap ng liham pagkatapos na ang lalaki ay . . . mula sa iglesyang Lutheran. At ang sekretaryo ko rito ay alam na nakatago iyon sa rekord. Hindi ko babanggitin ang pangalan ng lalaki, dahil ito ay hindi asal-Cristiano. Bagama't, hindi ako sang-ayon sa mga ideya ng lalaki, nguni't 'yan ay totoong walang anuman. Mahal ko siya. Siya ay kapatid ko.

³¹³ Nguni't sadyang humantong iyon sa isang punto kung saan sila lamang ay kailangang magkaroon ng isang uri ng sensasyon, o paigtingin iyon, o kung anong ibang bagay na tulad niyan, kita n'yo. At, iyan, 'yan ay walang pakinabang, kita n'yo. Kapatid . . . "Ang pagsasanay na pangkatawan ay kakaunti ang pakinabang."

³¹⁴ At kaya ang ministrong ito ng Lutheran ay sumulat sa ministrong ito ng isang—isang—isang liham. At sinabi niya, "Kayong mga ebanghelistang Amerikano na pumaparito," sabi, "na taglay lahat ang inyong super-duper na pagpapagaling sa lahat!"

³¹⁵ At ngayon ito sa pakinig ay para bang isang munting kumpol ng bulaklak para sa aking sarili, nguni't alam ng Dios na hindi ko ibig sabihin ito sa ganoong paraan. "Nguni't," sinabi niya, "nang—nang mamatay ang munting Deborah Stadskev, ang sanggol na iyon, at ang inang iyon ay tumayo nang araw na iyon sa India- . . . sa California, kung saan ang sanggol na iyon ay namatay, at malamig na. At nakita . . . inilapag ang sanggol na iyon sa bisig ni Kapatid na Branham, at siya na nakatayo roon at nanalangin para dito. At ang sanggol ay nagpasimulang humiyaw at nagsisipa; at ibinalik iyon sa kaniya."

³¹⁶ Alam din niya ang pangyayari sa Mexico. Na, maibabatay natin dito sa isang pahayag ng Full Gospel Business Men. Kailangan ninyong magkaroon ng isang bagay na pahayag mula sa isang doktor. Nang mamatay ang munting Mexicanong sanggol na iyon nang umagang iyon, ng alas nuebe, at ito ay alas onse ng gabing iyon. Isinulat ng doktor ang kaniyang pahayag. Si Kapatid na Espinoza, na marami sa inyong mga kapatid na

Assembly of God ay kilala siya, siya ang kumuha ng pahayag na iyon mula sa doktor, na ito ay namatay.

317 At nakita ko ang isang pangitain doon sa karamihan ng tao; nang ang dalawampung libong mga taong Katoliko ay lumapit kay Cristo, sa Siyudad ng Mexico. Sinabi ko, “Huwag mong kunin iyan. Hindi ko alam, ang sanggol na iyan. . . Kakikita ko lamang ng isang pangitain dito.”

318 At si Billy ay naroon, nagsisikap, kasama ng tatlumpu o apatnapung mga usher, hindi magawang mapaalis ang munting babaing iyon sa hanay ng pananalangin, dala ang sanggol na iyon. Siya ay tatakbo sa pagitan ng kanilang mga paa, at lahat na. Kaya, sa wakas, ipinadala ko si Jack Moore sa ibaba. Sinabi ko, “Pumunta ka, ipanalangin mo iyon.”

319 Tumingin ako sa banda rito, at nakita ko ang isang munting Mexicanong sanggol na nakangiti. Sinabi ko, “Sandali lang. Dalhin iyon dito.” Kita n’yo? At nang ipatong ko ang aking mga kamay sa kumot na iyon. . . Sadyang umuulan, buong araw. At sila ay nangakatayo roon mula pa nang umagang iyon, at ito’y mga alas onse na nang gabing iyon. At ipinatong ang aking mga kamay sa munting sanggol. Iyon ay nagsimulang sumipa at umiyak. At nagsimula silang humiyaw.

320 Kaya, pagkatapos ay dinala nila roon at kinuha ang pahayag. Pumaroon sa doktor, at sinabi ng doktor, “Ipinahayag kong patay na ang sanggol, kaninang umaga ng alas nuebe. Namatay ito sa pulmonya.” Kita n’yo? At kaya kung ganun ang mga bagay na iyon ay—ay—ay totoo. Sila ay mga pahayag. Ito nga’y ganoon.

321 Dapat tayong laging maging tapat at totoo tungkol sa alin mang bagay. Huwag itong gawing anuman na. . . Hayaan lamang ito na maging kung ano ito. Hayaan itong. . . Hindi kailangan ng Dios ang anumang tulong sa anumang bagay. Nakita ninyo, Siya—Siya—Siya’y Dios.

322 Kaya sinabi niya ito ngayon, “Nguni’t nang tawagin ng inang ito si Kapatid na Branham sa America, umiiyak sa kaniya sa telepono, ‘Pumarito ka at buhayin ang aking munting sanggol!’ At ang Pamahalaan ng Estados Unidos. . .”

323 Ang kaniyang asawa ay isang kapelyan sa Hukbo. At kilala ninyong lahat si Julius, marami sa inyo ay kilala siya; sumulat ng aking aklat, *A Prophet Visits Africa*.

324 At ang kawawang munting ina na iyon na taga-Norway, sumisigaw, nang napakalakas, sinabi, “Kapatid na Branham, nakatayo ako roon noon nang ang sanggol na iyon ay nabuhay!” Sabi, “Naniniwala kami na ikaw ay lingkod ng. . . ni Cristo.” Sabi, “Pumarito ka, ipatong mo ang iyong mga kamay sa aking sanggol, at ito’y mabubuhay.” Kamamatay lamang ng isang sandali o dalawa, sa pulmonya; may sakit ng mga apat na oras, lima.

325 At ang mga lalaking ito ay naroroon sa paligid, himihiyaw at sumisigaw, at lumulundag nang pataas-at-pababa, sinasabi, “Bubuhayin ito ng Dios! Bubuhayin ito ng Dios!” At sinabi . . .

326 Dahil doon, ang American Air- . . . o, hindi ang American Airlines. Ang Hukbo ng Estados Unidos ay isasakay ako sa isang jet, at ibabalik, sa loob ng isang araw. Kita n’yo?

327 At sinabi ko, “Bago ako pumaroon, hayaang hanapin ko ang kalooban ng Panginoon.” Kaya nanalangin ako, dalawang araw. At ang doktor na iyon ay napakabait upang hayaan ang sanggol na nakahimlay roon.

328 Pagkatapos, isang umaga, bumangon ako at nagsimulang lumakad papuntang kusina. Tumingin ako; nakatayo roon, doon, ay isa lamang Liwanag na mga kasing sukat nung liwanag doon, umiikot-ikot, nagsabi, “Huwag mong galawin iyan. Huwag mong sawayin iyan. Iyan ang kamay ng Panginoon.”

329 Tumakbo ako pabalik at tinawagan ang bansa, at tumawag at sinabi, “Ako—hindi ako maaaring pumunta.”

330 At ang ministrong ito ng Lutheran ay nagsabi, “Bakit hindi kayo maghintay hanggang sa kayo’y makakuha ng maliwanag na pasya mula sa Dios, tulad ng ginawa ni Kapatid na Branham, at nang sa ganun ay alam ninyo kung ano ang sinasabi ninyo!”

331 Ngayon, iyan nga ito, mga kapatid, kung tayo lamang ay hindi kaagad-agad na lulundag sa mga kongklusyon; at maghintay, at kumuha ng isang sulyap, maliwanag na pasya mula sa Dios.

332 At lahat ng ito rito, pagpapagaling sa mga makasalanan na walang anumang alam tungkol sa Dios. Naniniwala ako na ang Makalangit na pagpapagaling ay nakabatay sa isang panuntunan, na kayo ay dapat na lumapit sa Dios, muna, at ibigay ang inyong puso sa Kaniya, at hugasan ang inyong mga buhay sa Dugo ni Jesus Cristo, at pagkatapos ang Dios ay kikilos sa inyo at pagagalangin kayo. Tulad lamang ng sinabi ng kapatid na ito, tungkol sa isang munting babae na ipinanalangin niya doon, isang banal ng Dios, nakita ninyo.

333 Sa buhay ko, nakagawa ako ng maraming mga pagkakamali. Nakagawa ako ng maraming mga bagay na mali. Ako marahil, kung mabubuhay pa ako nang matagal-tagal, makagagawa pa ako ng marami. Marahil ang ilan sa mga iyon ay magiging katitisan sa inyong daan. Umaasa ako na patatawarin ninyo ako.

334 Binabasa ko ang tungkol kay Abraham, kung gaano ang naging mga kalituhan niya. Kung paano na siya, naku, ang mga bagay na nagawa niya; pinag-alinlanganan niya ang Dios; at nagsinungaling siya tungkol sa kaniyang asawa; at lahat na. Nguni’t nang maisulat ang Banal na paglalalahad tungkol sa kaniya sa Roma 4, hindi nito kailanman binanggiti ang

mga pagkakamali niya, kundi sinabi, “Hindi kailanman nag-alinlangan si Abraham” sa kawalan ng pananampalataya . . . sa Dios, “kundi lumakas nang lumakas.” Lahat ng kaniyang mga pagkakamali ay nakalimutang lahat, nang ang Banal na pahayag tungkol sa kaniyang buhay ay naisulat. Ang mga kalituhan niya ay ni hindi nabanggit. Ang mga kamalian niya ay hindi nabanggit.

³³⁵ At, mga kapatid, umaasa ako, na kapag ang pahayag tungkol sa akin ay binasa sa Araw na iyon, na buburahin Niya ang sa akin, din naman, at hindi iisipin ang tungkol sa mga iyon pagkatapos. Umaasa ako na kayo ay ganun, din. Pagpalain kayo ng Dios.

³³⁶ [Si Kapatid na Tommy Hicks ay nagbigay ng pahayag, pagkatapos nananalangin. Ang kongregasyon ay nagpupuri sa Panginoon, pagkatapos umaawit ng *I Love Him*. Ang mga kapatid na lalaki ay nagyakapan sa isa’t isa, at ang mga kapatid na babae ay nagyakapan sa isa’t isa. Pagkatapos ng walong minuto, nagbalik si Kapatid na Branham sa mikropono—Pat.]

³³⁷ Kung makikita ko itong mangyari sa buong sanglibutan, sasabihin ko, “Panginoon, pahintulutang pumanaw ang Iyong lingkod sa kapayapaan!”



IPINALIWANAG ANG PAGKA-DIOS TAG61-0425B
(The Godhead Explained)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Martes ng umaga, Abril 25, 1961, sa Holiday Inn sa Chicago, Illinois, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2009 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org